

Isang gabay sa mga  
**Migranteng  
Pilipino**  
sa Italya



united nations

**instraw**



Isang gabay sa  
mga **Migranteng**  
**Pilipino**  
sa Italya



## **Panimula at Hangarin ng Booklet**

Ang migrasyong internasyunal ay isang pandaigdigang pangyayari kung saan makikita ang malawakang paggalaw ng mga tao mula sa isang bansa patungo sa iba pang bansa sa iba't ibang kadahilanan. Karamihan ng mga migrante ay umaalis sa kanilang bansa upang makahanap ng higit na magandang kinabukasan sa ibayong dagat para masuportahan ang kanilang pamilya. Sa ngayon, may walong milyong kababaihan at kalalakihan, o sampung porsyento ng populasyon ang nagtatrabaho sa iba't ibang panig ng mundo. May 113,907 migranteng Pilipino ang nakatalang naka-ayon sa batas ang pagpasok sa Italya noong Disyembre 2006, at 70,694 o 62.1% ang kababaihan.

Ang komunidad ng Pilipino ay isa sa pinakamatandang grupo ng mga migrante sa Italya, at habang maraming ahensyang pampamahalaan at Non-Governmental Organizations (NGOs) ang tumutulong sa kanilang sosyal at pinansyal na pangangailangan, may matinding pangangailangan din sa mga materyales na magtitipon ng mga pangunahing impormasyon ukol sa padalang salapi (remittances), karapatan at tungkulin nila, karapatan sa serbisyong panlipunan mula sa pamahalaan, at iba pang mga usapin. Ang mga kagamitang ito ay isinagawa upang mapabuti rin ang pakikilahok sa panlipunan at pagggawa ng mga migrante sa bansang pinagtatrabahuhan.

Ang layunin ng booklet nait ay para makatulong sa mga migranteng Pilipino sa Italya na magkaroon ng konkretong kaalaman tungkol sa batas ng imigrasyon, mga paraan at bayarin ukol sa pagpapadala ng pera, mga serbisyong nagsusulong ng kapakanan ng mga migrante tulad ng pangkalusugan at pangedukasyon, at kaalaman hinggil sa mga ahensyang pampamahalaan at nongovernmental organizations, pati ang mga organisasyong pangkomunidad na nagbibigay ng tulong sa mga migrante.

### **Ang booklet ay nahahati sa mga sumusunod na bahagi:**

- I. Salaping Padala (Remittances)
- II. Karapatan ng mga Migrante sa Italya: Batas Imigrasyon- mga Kinakailangang Ilanda at mga Patakarán
- III. Mga Network at Organisasyong Nagbibigay Serbisyo sa mga Imigrante/Dayuhang Manggagawa

## **I. Mga Salaping Padala (Remittances)**

Tinatayang may 192 milyon (o 3% ng populasyon ng mundo) ang mga migrante (IOM 2007) na nagpapadala ng salapi na umaabot ng \$300 bilyon sa kanilang mga lugar na pinanggalingan noong 2006 (IFAD 2007). Sa kabuuang halagang ito, ang padalang pera ay isa sa pinakamalaking daloy ng pera sa mundo at napakahalaga sa maraming ekonomiya, lalung-lalo na sa pamilya mula sa mahihirap na bansa.

Mula 1994 hanggang 2004, ang mga migranteng Pilipino sa Italya ang pinakamalaking komunidad ng migrante na nagpadala ng kinitang mga salapi sa Pilipinas sa pamamagitan ng mga pormal na pamamaraan. Noong 2005, ang daloy ng salaping naipadala mula Italya patungong Pilipinas ay umabot ng €245,424 milyon, na naging doble noong 2006 na umabot ng €512,899 million<sup>1</sup>

## A. Ano ang mga Padalang Salapi?

Ang salaping padala na tinutukoy dito, ay ang salaping nilipon mula sa kanilang trabaho at bilang mga migrante sa ibang bansa na pinapadala sa kanilang tahanan. Ito ay na bunga ng matinding ugnayan upang matugunan ang mga pangangailangan ng kanilang pamilya at komunidad na pinanggalingan. Ang mga salapi ay ipinadadala ng migrante sa kaniyang pamilya sa iba't ibang paraan, tulad ng mga sumusunod:

- Institusyong pinansyal tulad ng mga bangko
- Kompanyang pinansyal (hindi bangko) tulad ng mga money transfer operators (halimbawa, Western Union, Money Gram, atbp.)
- Di-pormal na pamamaraan tulad ng di-lisensyadong padalahan (na madalas ay delikado), mga negosyante at kaibigan na umuuwi at naghahatid ng pera sa mga kamag-anak (padala system). Ang mga

---

<sup>1</sup> *Annual Report of the Bubernador ng Banca D'Italia, 2006 and 2007.*

di-pormal na pamamaraan ay ginagamit ng maraming migrante na walang bank account o dahil mas mababa ang bayad o hindi kinakailangan ang pagpapakita ng kahit anong klaseng ID.

## B. Klase ng Padalang Salapi ng mga Migrante

- Monetary remittances ay mga salaping ipinapadala para sa pamilya upang suportahan ang kanilang pangunahing pangangailangan.
- Collective remittances, na tinatawag ding communal remittances, ay mga salaping ipinadala ng mga grupong migrante at kanilang asosasyon na ginagamit para sa kaunlaran ng kanilang komunidad o bayan, tulad ng pagpapagawa at pagpapaayos ng simbahan, paaralan, pagbibigay ng scholarships, at pagbili ng kagamitang pangmedikal.
- Material remittances ay mga padalang hindi salapi para sa mga kamag-anak at iba pang tagatanggap na itinuturing na mga regalo at donasyon tulad ng pagkain, aklat, laruan, damit at mga kagamitang sa paaralan at pambahay. Ang mga ito ay kadalasang ginagamit para sa mga proyektong pangkomunidad sa bansang pinanggalingan (halimbawa, lumang damit, kagamitang pangkusina, mga papel at lapis sa paaralan).
- Social remittances ay mga ideya, gawi, pagkatao at social capital<sup>2</sup> na nakukuha ng migrante sa kanyang pakikiharap sa bagong pamamaraan ng pamumuhay, pag-uugali at kaisipan na kanyang nadadala sa sariling bayan. May mahalagang papel ang social remittance sa pagpapalago ng kaalaman sa negosyo ng mga imigrante, sa paglikha ng matibay na pamilya at komunidad, at sa pagtulong sa integrasyong pampulitika sa bayang pinanggalingan.

Ang salaping padala ng mga Pilipinong migranteng manggagawa ay malimit na nakalaan sa pamilya at ginagamit sa mga sumusunod: (a) pagkain, pangunahing pangangailangan ng kanilang pamilya sa pang araw-araw; (b) edukasyon; (k) pagbili ng bahay at lupa; (d) pangkalusugan at iba pang biglaang pangangailangan; (e) pambayad utang; at (g) pantabing pera para sa pagpapatayo ng maliliit na negosyo<sup>3</sup>.

---

<sup>2</sup> Ang *social capital* ay binubuo ng mga network, asosasyon, mga kaibigan at kakilala ng isang indibidwal na nagsisilbing haligi sa aspetong panlipunan ng buhay.

<sup>3</sup> [www.ercof.org](http://www.ercof.org) Basic premises: Remittances of overseas Filipinos for development

## C. Mga Paraan ng Pagpapadala: Isang Pagkukumpara ng Gastos, Benepisyo at Pagkukulang

### Philippine National Bank SpA

Pinagmulan ng Kompanya: The Philippines  
May sangay sa: Milan at Florence

Address: PNB Main Branch. Tel: +39 06 4827830/41 [www.pnb.com.ph](http://www.pnb.com.ph)

Remittance	Bayad sa Servisyo (sa €)	Oras ng Paghatid
Sariling account sa PNB	5.00	Mabilisang paglipat /Ilang segundo lamang
PNB account ng tumatanggap	8.00	Mabilisang paglipat /Ilang segundo lamang
Ibang bangko	8.00	24 oras
Door-to-door delivery	10.00	1 – 2 araw

Serbisyo: Loans

Iba pang Impormasyon: Pangarap Loan Programme for those who have PNB accounts in the Philippines.

### BPI Express Remittance SpA

Pinagmulan ng Kompanya: The Philippines  
May sangay sa: Rome, Milan at Turin

Address: Tels: +39 06 4452641/4450146 E-mail: [bpi.roma@tiscali.it](mailto:bpi.roma@tiscali.it)  
[www.bpiexpressonline.com](http://www.bpiexpressonline.com)

Remittance	Bayad sa Servisyo (sa €)	Oras ng Paghatid
BPI Family bank account	8.00	Mabilisang paglipat/ Ilang segundo lamang
Ibang bangko	8.00	24 oras
Door-to-door delivery	10.00	24 oras sa Metro Manila; 2-3 araw sa probinsya
Makukuha kahit saang BPI/BPI Family banks	10.00	Makukuha sa unang oras ng pagbukas ng bangko kinabukasan



**LBP Financial Services SpA**

Pinagmulan ng Kompanya: The Philippines  
May sangay sa: Milan

Address: Tel: +39 06 4870676/4872214 E-mail: [lbp\\_rome@yahoo.com](mailto:lbp_rome@yahoo.com)

<b>Remittance</b>	<b>Bayad sa Servisyo (sa €)</b>	<b>Oras ng Paghatid</b>
Sariling account sa LBP	5.00	24 oras
LBP account ng tumatanggap	8.00	24 oras
Ibang bangko	10.00	2-3 araw
Door-to-door	10.00	1-2 araw sa Metro Manila 3-5 araw sa ibang lugar
1-2 araw sa Metro Manila 3-5 araw sa ibang lugar	8.00	3 – 5 na araw

**RCBC Telemoney Europe SpA**

Pinagmulan ng Kompanya: The Philippines  
May sangay sa: Milan, Florence and Bologna

Address: Piazza del Esquilino, 43 00186 Rome PNB Main Branch. Tel: +39 06 4823616/617 [www.rcbc.com](http://www.rcbc.com)

<b>Remittance</b>	<b>Bayad sa Servisyo (sa €)</b>	<b>Oras ng Paghatid</b>
Sariling account sa RCBC	5.00	Mabilisang paglipat /Ilang segundo lamang
RCBC account ng tumatanggap	8.00	Mabilisang paglipat /Ilang segundo lamang
Sa ibang bangko	9.00	2 - 3 araw
Door-to-door delivery	10.00	2 araw sa Metro Manila 2-3 araw sa probinsya
RCBC branches sa Pilipinas	8.00	Pagkatapos ng 24 oras mula transaksyon

**BDO Remittance Center SpA**

Pinagmulan ng Kompanya: The Philippines  
 May sangay sa: Milan, Florence, Bologna, Messina at Turin

Address: Via dei Mille, 2800185 Rome Tel: +39 06 4460395

<b>Remittance</b>	<b>Bayad sa Servisyo (sa €)</b>	<b>Oras ng Paghatid</b>
Sa sariling account sa BDO	5.00	24 oras
BDO account ng tumatanggap	8.00	24 oras
Ibang bangko	10.00	24 oras sa Metro Manila; 2 araw sa probinsya
Door-to-door	10.00	24 oras sa Metro Manila; 2 araw sa probinsya
Makukuha sa anumang sangay ng BDO sa Pilipinas	8.50	24 oras

**Other:** Pinangasiwaan ang Abot Kamay Program na nagbibigay ng libreng serbisyong medikal sa mga migranteng Pilipino sa Italya

**Metro Remittance Italia SpA**

Pinagmulan ng Kompanya: The Philippines  
 May sangay sa: Milan at Bologna

Address: Phil. Tel: +39 06 48913091 / 48913095 [www.metrobank.com.ph](http://www.metrobank.com.ph)

<b>Remittance</b>	<b>Bayad sa Servisyo (sa €)</b>	<b>Oras ng Paghatid</b>
Metrobank account ng tumatanggap	8.00	Ilang segundo lamang
Beneficiary's account sa ibang bangko	10.00	24 araw
Door-to-door	10.00	24 oras sa Metro Manila 1-3 araw sa mga probinsya
Makukuha sa anumang sangay ng Metrobank Phils.	8.00	24 oras

**Banca di Roma**  
**Gruppo UNICREDIT**

Pinagmulan ng Kompanya: Italy		
Address: Tel: 06 54445   <a href="http://www.bancaroma.it">www.bancaroma.it</a>		
<b>Remittance</b>	<b>Bayad sa Servisyo (sa €)</b>	<b>Oras ng Paghatid</b>
Bank to bank	NA	5 – 20 na araw
Services: Savings, Cash, Card/Credit		
Other: Remittance services ay para sa account holders lamang		

**Gruppo Banca Intesa San Paolo**

Pinagmulan ng Kompanya: Italy		
Address: Tel: 800 020 202 <a href="http://www.bancaintesanpaolo.com">www.bancaintesanpaolo.com</a>		
<b>Remittance</b>	<b>Bayad sa Servisyo (sa €)</b>	<b>Oras ng Paghatid</b>
Bank to bank	9.00 sa account holders; 16.45 sa hindi account holders at di lalampas sa €2,500	5 - 20 na araw
Services: Savings, Cash, Card/Credit, Loans, Mortgage		
Other: Multi-ethnic branches/centers sa buong bansa ang itinayo para pagsilbihan ang mga dayuhang migrante sa iba't ibang salita. Ang San Paolo Bank ay nagbibigay ng micro-credit facilities sa mga babaeng migrante na nais magsimula ng maliit na negosyo sa Roma.		

**Banca Nazionale del Lavoro**  
**Gruppo BNP Paribas**

Pinagmulan ng Kompanya: Italy		
Address: Tel: 800 020 202 <a href="http://www.bancaintesanpaolo.com">www.bancaintesanpaolo.com</a>		
<b>Remittance</b>	<b>Bayad sa Servisyo (sa €)</b>	<b>Oras ng Paghatid</b>
Bank to bank	20.00	4 – 5 araw
Services: Savings, Cash, Card/Credit, Loans, Mortgage		
Other: Mas mababang remittance fees sa bank account holders; tumatanggap at tagapagpadala ng transfer services sa Philippine remittance centers patungong Pilipinas.		

**Banca Popolare di Ancona  
Banca di Brescia  
Banca Regionale Europea  
Banca di San Giorgio  
(Unione Banche Italiane-UBI)**

Pinagmulan ng Kompanya: Italy

Address: Tel: 800 665588 [www.ubibanca.it](http://www.ubibanca.it)

<b>Channel</b>	<b>Bayad sa Servisyo (sa €)</b>	<b>Oras ng Paghatid</b>
Bank to bank	0.00 – 25.00	5 – 20 araw

Services: Savings, Cash, Card/Credit, Loans, Mortgage

Other: Nagbibigay ng libreng remittance services sa account holders na may transaksyon hanggang €200; €25.00 sa walk-in clients; multi-lingual services; insurance

**Banca Sella**

Pinagmulan ng Kompanya: Italy

Address: Via Italia, 2 13900, Biella. Tel: 800 142142 [www.sella.it](http://www.sella.it)

<b>Channel</b>	<b>Bayad sa Servisyo (sa €)</b>	<b>Oras ng Paghatid</b>
Bank to bank	15.76 sa remittances hanggang €2,000	Hanggang 5 araw

Services: Savings, Cash, Card/Credit, Loans, Mortgage

Other: Nagbibigay ng libreng remittance services sa account holders. Remittance limit na hanggang €2,000 bawat isang transaksyon

**Banca TU**

Pinagmulan ng Kompanya: Italy

Address: Via Zamboni 20, 40126 Bologna. Tel: 800 991905  
[www.agenziatu.it](http://www.agenziatu.it)

<b>Channel</b>	<b>Bayad sa Servisyo (sa €)</b>	<b>Oras ng Paghatid</b>
Bank to bank	6 remittances sa isang taon ay libre sa account holders	Hanggang 5 araw

Services: Savings, Cash, Card/Credit, Loans, Mortgage

Other: €2,500 remittance limit bawat transaksyon; mas mahabang oras ng serbisyo; nagbibigay ng tulong medikal at road assistance para sa kliente.

### Credem Bank and More

Pinagmulan ng Kompanya: Italy

Address: Tel: 06 85305712 [www.credem.it](http://www.credem.it)

Remittance	Bayad sa Servisyo (sa €)	Oras ng Paghatid
Bank to bank	9.00 – 11.00	2 – 3 araw

Services: Savings, Cash, Card/Credit, Loans, Mortgage

Other: Multi-ethnic branches; pinopondohan ang proyekto ng mga migrante at may insurance. Mas mababang remittance charges sa account holders.

### Banco Popolare di Verona and Novara

Pinagmulan ng Kompanya: Italy, a branch in Rome

Address: Tel: 06 32651835 [www.bpv.it](http://www.bpv.it), [www.bpn.it](http://www.bpn.it)

Remittance	Bayad sa Servisyo (sa €)	Oras ng Paghatid
Bank to bank	7.00 – 10.00	3 – 5 araw

Services: Savings, Cash, Card/Credit, Loans, Mortgage

Other: May insurance policies

### Banca Etruria

Pinagmulan ng Kompanya: Italy

Address: Via Calamandrei, 255 Arezzo. Tel: 05753371 [www.bancaetruria.it](http://www.bancaetruria.it)

Remittance	Bayad sa Servisyo (sa €)	Oras ng Paghatid
Bank to bank	Depende sa halaga ng pera	N.A.

Services: Savings, Cash, Card/Credit, Loans, Mortgage

Other: May tulong medikal at road assistance, internet banking

**Western Union pamamagitan ni  
Angelo Costa SpA,  
Banca di Sassari SpA  
Finint SpA**

Pinagmulan ng Kompanya: Italy, Omnia Finanziaria na may 4,000 na opisina sa buong bansa

Address: Tel: 800 464464 [www.finint.eu](http://www.finint.eu)

<b>Remittance</b>	<b>Bayad sa Servisyo (sa €)</b>	<b>Oras ng Paghatid</b>
Credit to account at makukuha kahit saang sangay ng Western Union sa Pilipinas	0,01 – 500,00 = 9€ 501-1.200,00 = 15€ 1.201,00-12.500,00 =20€	Ilang segundo/minuto lang matapos ipadala
Other: Non-banking remittance centre; nagbibigay din ng serbisyo bilang isang exchange centre at travel ticketing		

**UNIGIROS Internacional, SpA**

Pinagmulan ng Kompanya: Italy

Address:

<b>Remittance</b>	<b>Bayad sa Servisyo (sa €)</b>	<b>Oras ng Paghatid</b>
Ipadadala sa Philippine account ng kliyente	€0-250 = €6,00 for min of up to €250; €75 1-1,000 = €24,00 and so on...	3 – 5 araw
Other: Non-banking remittance centre		

*Mga mahahalagang dapat malaman:*

1. NA – walang impormasyon na makalap o di ipinaalam.
2. Ayon sa batas na Anti-Laundering ng Italya – D. L. numero 231 ng 21 November 2007.) ang bawat transaksyon ay may limitasyon. Para sa padalang salapi na dumaan sa institusyong pinansyal sa Pilipinas – €1.995.00 ang maaring ipadala bawat linggo habang ang padalang salapi na dumaan sa mga bangko sa Italya ay maaring umabot hanggang €5,000 (hahatiin sa dalawang transaksyon) bawat linggo. Sa mga halagang ito, isang deklarasyon mula sa nagpapadala tungkol sa pinanggalingan ng pera ay kailangang ipakita sa kahit saang institusyong pinansyal na nag-aasikas nito.

## Ukol sa palitan ng pera (exchange rate) mga bayarin at bilis ng serbisyo:

Mga detalye	Philippine Remittance Centres sa Italy	Bankong Italyano/ Remittance Centers
Bayad bawat transaksyon	€5 – €10	€0 - €20; nakabatay ang service fee sa halagang ipapadala
Halaga ng pera na maaring ipadala kahit walang clearance ayon sa Anti-Laundering Law (D. L. No. 231) ng 21 Nov 2007	Hanggang €1,995 bawat transaksyon sa isang linggo	Hanggang €5,000 (hahatiin sa dalawang transaksyon bawat linggo)
Bilis ng serbisyo ng pagpadala	Sa loob ng 24 oras hanggang 5 araw	3 -20 araw (karaniwang 3-5 araw), depende sa bangkong tatanggap ng salapi sa Pilipinas.
Pautang/Mortgages	Hindi inaalok sa Italya pero ang mga opisina sa Pilipinas ay nagbibigay ng iba't ibang uri ng pautang sa Pilipinas sa mga manggagawang Pilipino migrante at mga benepisyaryo nila	Maaaring makuha ng lahat ng regular na migranteng manggagawa

*Pinanggalingan: Mga aktwal na pakikipanayam o sa pamamagitan ng telepono sa mga taong responsable sa mga nabanggit na institusyong, websites ng mga bangkong Italyano, Metropoli of La Repubblica Issue No. 35 ng 2006.*

## D. Mga Gabay sa Paghawak at Paggamit ng PadalangSalapi Ang mga mahahalagang gabay sa paghawak at paggamit ng padalang pera:<sup>1</sup>

- **Mag-ipon** muna bago gumastos at huwag ang kabaliktaran. Mula sa inaasahang sweldong matatangap, magtabi kaagad ng kaunting bahagi nito (mga 5 hanggang 10 posrsyento), at kung posible ideposito sa bangkong pinakamalapit sa iyong trabaho o tirahan.  
**Ang tamang pormula ay ang sumusunod:**  
Sweldo ibawas ang Ipon = Gastos, at hindi Sweldo ibawas ang Gastos = Ipon.
- **Mag-budget** at siguraduhing susundin ito kahit anong mangyari. Siguradong magkakaroon ng mga espesyal na hiling mula sa pamilya at kaibigan na tutukso sa iyo na huwag sundin ang budget. Maging matatag sa pagtitipid at maiintindihan din nila na para sa ikabubuti ng lahat ang iyong ginagawa.
- **Kumuha** ng insurance para sa sarili at para sa mga miyembro ng pamilya para sa pangkalusugan, pang- edukasyon, pagreretiro o pensyon. Kapag ginawa ito sa mga kompanyang may magandang reputasyon, ang mga programang ito ay makapagbibigay ng katiwasayan at pangangailangan ng sarili at pamilya at magagamit ang salapi sa anumang oras na kailanganin.
- **Iwasan** ang mga 'mabilisang pagyaman' sa plano ng pamumuhunan at maglaan ng sapat na panahon upang alamin ang mga ito sa tulong ng pamilya, kaibigan, NGOs o mga higit na kaalaman tungkol sa pamumuhunan. Ang unang alituntunin na dapat tandaan ay - ang mga pamumuhunang nagbibigay ng mataas na tubo o interes, kahit pa mula sa bangko, ay nangangahulugan na ang mga institusyong ito ay may matinding pangangailangan ng malaking halaga kaya't nangangako sila ng malaking balik ng pera. Isang halimbawa nito ay ang talamak na pyramid scheme.

<sup>1</sup> Ang mga ito ay bunga ng Validation workshop na isinagawa ng FWC kasama ng komunidad ng Pilipino noong Septyembre 2007 sa Roma na pumapaloob sa pag-aaral na may kinalaman sa proyektong "Gender dimension of remittances: their flows, uses and development impact in the Philippines, at konsultasyon kay Mr I. Bagasao ng Ercof (Economic Resource Center for Overseas Filipinos)



- **Humingi** ng payo sa mga higit na nakaka-alam/mga eksperto hinggil sa mga pamumuhunan sa real estate, negosyo, o sa kahit anuman na may perang pinag-uusapan kung kinakailangan. Mas mainam na magbayad sa mga eksperto kaysa magsisi sa bandang huli sa malaking magagastos o kaya ay magagamit pa ang ipon para lamang sa bagay na hindi mo naman ikasisiya.
- **Mag-aral** ng computer na makakatulong upang makatapos o makapagpatuloy ka sa pag-aaral sa pamamagitan ng distance learning, makapagpadala ng padalang salapi sa bangko, at makausap ang iyong mga mahal sa buhay sa e-mail, online chat, at kahit harapang pakikipag usap sa video sa kaunting halaga.
- **Mag-aral** ng salitang Italyano at programang laan sa skills training na isinasagawa ng maraming institusyon upang mas mahasa ang iyong talento.
- **Sumali** sa organisasyon upang malabanan ang pagka-inip at pag-iisa, at mabuksan ang isipan sa mga oportunidad na magpapaunlad sa iyong pampulitikal, pang-ekonomiya at panlipunang pamumuhay.
- **Alamin** at makipag-ugnayan sa iba pang mga institusyon sa Pilipinas at Italya na naatasang mapabuti ang kalagayan ng mga manggagawa sa ibayong dagat (OFWs), partikular na sa mga isyu ng kaalaman at edukasyon sa paghawak ng pera at sa paglaan ng pera upang maka- ipon at makapagnegosyo. Ang mga sumusunod ang isa sa pinaka- aktibong organisasyong tumutulong sa ganitong mga bagay:
  - ATIKHA ([www.atikha.org](http://www.atikha.org))
  - ERCOF ([www.ercof.org](http://www.ercof.org))
  - UNLAD KABAYAN ([www.unladkabayan.org](http://www.unladkabayan.org))
  - PHILSEN - Philippine Network for Social Enterprise (E-mail [contacts:butchumengan@yahoo.com](mailto:contacts:butchumengan@yahoo.com); [ptad\\_2004@yahoo.com](mailto:ptad_2004@yahoo.com), [igaphil@info.com.ph](mailto:igaphil@info.com.ph); [jgss65@yahoo.com](mailto:jgss65@yahoo.com))

## **Ang Batas Imigrasyon sa Italya:** Mga Kinakailangan at mga Patakaran

Ang mga sumusunod ay magbibigay ng mga simpleng impormasyon tungkol sa mga karapatan ng migrante sa Italya. Ang mga impormasyong nakalap dito ay mula sa TESCO UNICO ng Batas ng Italya sa imigrasyon at mga karapatang pagbabago mula sa mga institusyong<sup>2</sup> tuwirang may responsibilidad sa mga isyu ng imigrasyon.

Ang mga patakarang imigrasyon ng Italya ay naayon sa Testo Unico sa imigrasyon (D.L. No. 286/98) at mula sa Regulation on Implementation (dpr. No. 394/1999), at ang mga pagbabago sa mga ito.

Ang booklet na ito ay naglalaman ng mga impormasyong naangkop sa mga manggagawang Pilipino at sa kanilang mga pamilya tungkol sa ligal na pagpasok at paraan ng pagpapahaba ng maayos na pamamalagi sa bansa.

Mahalagang kumunsulta sa libreng serbisyo na isinasagawa ng mga Patronati at iba pang opisina na nakalista sa huling bahagi ng booklet.

Mga mahalagang patakaran ng imigrasyon na ipinapatupad:

## A. Entry visa at permit to stay

Posibleng makapasok sa Italya sa mga sumusunod na dahilan:

### A. Bilang isang Turista

Ang mga kinakailangan ay:

- Entry visa na hihingin sa Embahada o Konsulato ng Italya sa

---

<sup>2</sup> INAS-CISL ang nagbigay ng mga detalye sa lahat ng mga impormasyon. Ang ibang pinanggalingan ng impormasyon dito ay naglalaman ng websites ng Ministero dell'Interno, Ministero del Lavoro, della Salute e delle Politiche Sociali, Comune di Roma, Stranieri di Italia. Karamihan sa mga impormasyong ito ay nakasulat sa Italyano at nangangailangan na isulat sa Ingles.

Pilipinas. Ang pinakamahabang panahon ng entry visa ay 90 araw, at hindi ito maaring baguhin.

- Declaration of Presence Form ng inyong pinunuan sa Questura (Provincial Police Headquarters) o sa Border Police sa loob ng walong araw mula sa pagdating sa Italya.

## A.2 Entry visa para sa subordinate work

*Posibleng pumasok sa Italya sa pamamagitan ng isang residence contract para sa subordinate work na walang limitasyon batay sa bilang ng taunang influx quota ayon sa batas ng pamahalaang Italya. Ang mga kinakailangan ay:*

- Kumuha ng entry visa mula sa Embahada o Konsulato ng Italya ng bansang pinanggalingan pagkatapos makuha ang *Nulla Osta mula sa Sportello Unico per l'Immigrazione in Italy*;
- Advising the Sportello Unico per l'Immigrazione of entry into Italy within eight days of the arrival date;
- Kumuha ng kit sa Sportello Unico at punuan dito ang "request of issuance of first permit to stay for subordinate work". Ipakita ang mga sumusunod na dokumento kalakip ang isa pang kopya:
  - *Nulla Osta* para sa subordinate work;
  - Kopya ng bawat pahina ng pasaporte;
  - Katunayan ng maayos na tirahan;
  - Copy of the residence/contract (*Contratto di Soggiorno*) signed between the employer and the employee;
  - Isang dokumentong nagpapatunay na babayaran ng employer ang mga gastos ng kanyang empleyado sa pagbiyahe nito sa Italya sakaling biglaang bumalik ito sa kanyang bansa.
- Pumunta sa Post Office ng Italya na may tanggapan ng Sportello Amico upang ipadala ang kit sa Questura. Ang Post Office ay magbibigay ng resibo na magpapatunay na ligal ang tirahan nito habang naghihintay ng paglabas ng residence permit (permesso di soggiorno). (Importanteng itabi ang resibo).

- Magpalitrato at magpakuha ng fingerprint identification sa Questura. Makukuha ang appointment kung kailan makukuha ang residence permit kapag nakatangap ng mensahe sa telepono sa pamamagitan ng SMS o sa registered mail. Makikita at masusundan ang buong proseso sa website: [www.portaleimmigrazione.it](http://www.portaleimmigrazione.it) Buksan ang “Area Riservata per Stranieri” at i-type ang impormasyong hinihingi (nome utente at password na ibinigay ng Post Office).
- Kunin ang residence permit na may bisa ng pagtira niya sa Italya mula isa hanggang dalawang taon.
- Asikasuhin ang renewal ng residence permit
  - 90 araw bago mawalan ng bisa, kung ito ay isang residence permit para sa subordinate work na walang limitasyon ang pagtira sa bansa:
  - 60 araw bago mawalan ng bisa , kung ito ay isang residence permit para sa subordinate work na may limitasyon ang pagtira sa bansa. (Kasaman din dito ang mga o seasonal workers tulad ng mga nasa sektor ng agrikultura).

#### *Mahalagang paala-ala:*

*Mula noong May 19, 2008, ang Kagawarang Pang-Sibil at Imigrasyon ng Kagawarang Panloob (Ministero dell'Interno) ay nagkaloob ng mga pagbabago sa mga patakaran sa pagpasa ng mga request for authorization to work at ng Nulla Osta para sa pagpasok sa Italya ng mga propesyonal na subordinate workers. Ang mga mangagawang ito ay ang mga sumusunod: nars, professional interpreters, guro sa mga paaralan at organisasyong internasyunal, mga matataas na antas na technical workers na nagtatrabaho sa importanteng programa na nagtatrabaho sa ibang bansa, o mga manggagawang naghahanapbuhay sa pampubliko, pribado at institusyong internasyunal na hindi nabibilang sa mga naitatag na quota influx. Lahat ng aplikasyon ay dapat ipadala sa pamamagitan ng internet. ([www.interno.it/mininterno/export/sites/default/it/sezioni/servizi/come\\_fare/](http://www.interno.it/mininterno/export/sites/default/it/sezioni/servizi/come_fare/))*

### A.3 Visa entry para sa mga independent workers

*Posibleng pumasok sa Italya para sa independyenteng trabaho, batay sa limitasyon ng influx quota na itinatag ng pamahalaang Italya. Ang mga kinakailangan ay ang mga sumusunod:*

- Kumuha ng entry visa sa Embahada o Konsulato ng Italya ng kanyang bansa
- At sabihin ang kanyang nais gawin sa Italya. Ito ay tatanggapin o tatangihan sa loob ng 120 araw ng kanyang aplikasyon. Kung sakaling matanggap, ang bisa ay dapat magamit sa loob 180 araw mula sa pagbibigay nito;
- Pumunta sa Sportello Unico per l'Immigrazione upang ipalam ang pagpasok sa Italya sa loob ng walong araw mula sa araw ng pagpasok sa bansa;
- Kumuha ng kit dito at punuan ang request of issuance of first permit to stay para sa independent work, at ipakita and mga sumusunod na dokumento kalakip ang isa pang kopya:
  - Kopya ng pasaporte at iba pang mahahalagang dokumento;
  - Sapat na kakayahang pampinansyal para sa pangangailangan sa kanyang pagtrabaho sa Italya;
  - Mahahalagang mga katibayan na nagpapatunay ng pagiging rehistrado, kasama ang listahan ng mga kinikilalang propesyonal sa Italya;
  - Clearance mula sa mga awtoridad na magpapatunay na walang dahilang hadlangan ang paglabas ng lisensya para sa ganitong trabaho;
  - Ipapakita ang annual income declaration ay mas mataas sa pinakamababang antas na itinalaga ng batas upang hindi magbayad ng gastusin ukol sa gamot. Kung wala nito, kailangan ng isang garantiya mula sa isang Italyano o sa dayuhang ligal na nakatira sa Italya, o kaya ng isang organisasyon.
- Pumunta sa Post office ng Italya na may tanggapan ng Sportello Amico at ipadala ang kit sa Questura. Ang Post Office ay magbibigay ng

resibo na magpapatunay na ligal o ayonsa batas ng tirahan ng dayuhan habang naghihintay ng paglabas ng residence permit (permesso di soggiorno). (Importanteng itabi ang resibo.)

- Magpalitrato at magpakuha ng fingerprint identification sa Questura. Malalaman ang araw ng appointment kung kailan makukuha ang residence permit kapag nakatanggap ng tawag sa telepono sa pamamagitan ng SMS o sa registered mail. Masusubangbayan buong proseso sa website: [www.portaleimmigrazione.it](http://www.portaleimmigrazione.it). Buksan ang “Area Riservata per Stranieri” at i-type ang hinihinging impormasyon (nome utente at password) na ibinigay ng Post Office.
- Hintayin ang paglabas ng residence permit na may bisa ng isa hanggang dalawang taon.
- Asikasuhin ang renewal ng residence permit sa loob ng 60 araw bago ito mawalan ng bisa.

## **A.4 Entry visa para makasama ang pamilya (family reunification)**

Ang pagpasok sa Italya upang makasama ang pamilya (family reunification) ay maaari lamang gawin kung ang dayuhang nakatira sa Italya ay may hawak na residence permit na may bisa pa ng isang taon. Ang mga taong maaaring mag-apply ay ang mga dayuhang nasa Italya na nagtatrabaho bilang manggagawang empleyado o independent worker, pag-aaral, asylum, humanitarian protection, at dahilang pangrelihiyon o pampamilya. Ang reunification ay maaaring hingin para sa mga miyembro ng pamilya (asawa, anak na menor de edad, anak na nasa hustong edad ngunit itinuturing na umaasa pa rin sa mga magulang at hindi kayang suportahan ang pangangailangan dahil sa pangkalusugang dahilan, at mga magulang na umaasa pa rin sa mga anak) na nakatira sa ibang bansa. Ang mga kinakailangan ay ang mga sumusunod:

- Kumuha ng entry visa sa Embahada o Konsulato ng Italya sa kanyang bansa pagkatapos makuha ang Nulla Osta sa Sportello Unico per l’Immigrazione ng Italya sa kadahilanang pampamilya.

- Ipaalam ang pagpasok sa Italya sa Sportello Unico per *l'Immigrazione* sa loob ng walong araw mula sa araw ng pagpasok sa bansa;
- Pumunta sa Sportello Unico para makakuha ng kit at punuan dito ang "request of issuance of first permit to stay for family reunification" at ipakita ang mga sumusunod na dokumento kalakip ang isa pang kopya:
  - Kopya ng bawat pahina ng pasaporte;
  - Katunayan ng maayos na tirahan;
  - Deklarasyon ng pagsuporta sa miyembro ng pamilya mula sa dayuhan na naghain ng hiling para sa family reunification;
  - May sapat na sahod upang suportahan ang miyembro ng pamilya na nais dalhin sa Italya;
  - Deklarasyon ng kanyang employer na nagtrabaho ito sa kanya kaugnay sa kahilingan ng dayuhan for family reunification at;
  - Deklarasyon ng kanyang employer na aakuin niya ang pagpapatira sa darating na miyembro ng kanyang pamilya, kung ang dayuhang manggagawa ay walang katibayang may inuupahan siyang tirahan o kaya'y hindi siya ang may-ari ng bahay.
  - Pumunta sa Post Office ng Italya na may tanggapan ng Sportello Amico at ipadala ang kit sa Questura. Ang Post Office ay magbibigay ng resibo na magpapatunay na ligal ang tirahan ng dayuhan habang naghihintay ng paglabas ng residence permit (permesso di soggiorno). (**Importanteng itabi ang resibo.**)
- Magpalitrato at magpakuha ng fingerprint identification sa Questura. Malalaman kung kailan makukuha ang residence permit kapag nakatanggap ng mensahe sa telepono sa pamamagitan ng SMS o registered mail. Makikita ang buong proseso sa website: [www.portaleimmigrazine.it](http://www.portaleimmigrazine.it) (Buksan dito ang "Area Riservata per Stranieri" at i-type ang hinihinging impormasyon (nome utente at password na ibinigay ng Post Office).
- Kuhanin ang residence permit na may bisa kapareho ng kanyang kamag-anak na naghain ng hiling para sa family reunification;
- Ang may hawak ng bagong residence permit para sa family reunification ay maaaring magtrabaho bilang empleyado o independent worker;



maaaring magparehistro sa listahan ng walang trabaho, o makatanggap ng serbisyong panlipunan (social services), at magpalista sa paaralan at iba pang-propesyonal at mga kursong pagsasanay.

- Sabay gawin ang renewal ng residence permit for family reason kasama ng miyembro ng pamilya na naghain ng reunification

Ang mga anak na menor de edad ng mga dayuhang manggagawa na ligal na nakatira kasama ng kanilang mga magulang ay dapat nakalista sa residence permit ng kanyang magulang hanggang umabot sila ng 14 taong gulang; pagkatapos nito isang hiwalay na residence permit para sa kadahilanang pampamilya naman ipagkakaloob sa mga anak.

Ang *Testo Unico* ay nagtatakda rin na maaaring bigyan ng visa pagpasok sa Italya ang sinuman para mag-aral, magsanay, mga inampon at magtrabaho bilang bolontaryo .

Lahat ng kahilingan sa pagkuha ng Nulla Osta upang makapasok sa Italya, sa kahit anong dahilan, ay dapat isagawa on-line (sa internet) sa: [www.interno.it](http://www.interno.it). Para sa karagdagang patakaran at impormasyon, ang mga interesadong aplikante ay pinapayuhan na magtanong sa Patronati at sa Embahada / Konsulado ng Italya sa kanilang bansa.

## **B. EC Long-term Residence Permit (ex carta di soggiorno)**

Ang EC long-term residence permit ay isang dokumento na pumalit sa Carta di Soggiorno kung saan maaaring tumira ng walang hangganan (indefinite) sa Italya. Sa dokumentong ito, maaaring makalabas at makapasok ang dayuhang manggagawa sa bansang Italya, magkaroon ng kahit anong trabaho (maliban sa mga trabahong nakalaan lamang para sa mga Italyano), magkaroon ng social security at tulong pang-edukasyon, pangkalusugan, at iba pa.

Ang dayuhan na regular na residente sa Italya ay maaaring humiling din ng aplikasyon sa EC long-term residence permit para sa kanilang asawa, anak na menor de edad, anak na nasa hustong gulang ngunit may problemang

pangkalusugan, at mga magulang na umasa pa rin sa kanilang anak. Upang makakuha ng ganitong uri ng residence permit, kinakailangan ang sumusunod:

- May residence permit na may bisang limang taon para sa kanyang pamilya na kasama sa tirahan para sa subordinate o independent work, political asylum, dagdag na proteksyon o kadahilangang makatao at relihiyon, na naninirahan ng regular sa Italya;
- May sapat na pera upang suportahan ang sarili at ang pamilya;
- May sapat na tirahan;
- Hindi napatunayang nagkasala sa kahit anong krimen.

## C. Ang Anagrafe registry

Kinakailangang 18 taong gulang pataas ang edad ng isang dayuhan upang makapagrehistro sa Anagrafe. Personal na magpunta sa Anagrafe ng Comune (Town/City) na tinitirhan kung saan ang dayuhan ay bibigyan ng isang form na dapat kumpletuhin at pirmahan. Ang mga miyembro ng pamilya na wala pang 18 taong gulang ay dapat ring magpalista. Dalhin lamang ang mga sumusunod:

- Residence permit na may bisa ng mahigit sa tatlong buwan;
- Isang lehitimong pasaporte o kaya ibang dokumentong tulad nito;
- Fiscal code;
- Fiscal code;
- Katibayan na mga dokumentong nagpapatunay ng estadong sibil na hindi nakasaad sa pasaporte (i.e., kapanganakan, kasal, divorce, kinship, atbp). Lahat ng mga impormasyong personal na ito na nakasaad sa pasaporte ay dapat na tumugma sa impormasyong nakasaad sa residence permit. Ang mga dokumentong ito ay dapat:
  - Orihinal na ipinagkaloob ng may awtoridad sa bansa kung saan ang pagkaloob ng dokumento ay naganap, nakasalin sa wikang Italyano at sertipikado; o kaya

- Orihinal, na ipinagkaloob ng awtoridad ng Konsulado ng bansang pinanggalingan sa Italya na may pagpapatunay (authentication) ng pirma ng aplikante sa lokal na Prefecture.

Ang pagpaparehistro ng aplikasyon ay maaari lamang gawin pagkatapos mapatunayan ng opisyal na Anagrafe, sa pamamagitan ng Municipal Police (Polizia Municipale), na ang dayuhang manggagawa (at ang kanyang pamilya, kung kasama sila sa ang aplikasyon) ay nakatira sa tirahang na nakasaad dito.

- Ang pagiging rehistrado sa Anagrafe ay napakahalaga sa maraming pangangailangang administratibo;
- Lahat ng impormasyong personal na nakasaad sa pasaporte ay dapat na nakatugma sa impormasyong nakasaad sa residence permit;
- Kahit anong rehistrasyon, pagbabago o pagbura sa Anagrafe ay dapat na opisyal na maiparating sa lokal na Questura;
- Kung ang dayuhan ay hindi rehistrado sa Anagrafe, kailangang iparating ang kahit anong pagbabago sa address sa local Questura;
- Gumawa ng isang deklarasyon hinggil sa lugar na tinitirhan sa Tax Department ng iyong Comune para sa solid waste disposal tax;
- Sa loob ng 60 araw ng pagbabago ng residence permit, kailangang muling magbigay ng isang pahayag ng habitual residence sa opisyal ng Anagrafe ng iyong Comune sa pamamagitan ng paglakip ng kopya ng bagong residence permit.

### **Pagpapalit ng lugar ng tirahan at direksiyon:**

Kapag lilipat sa panibagong Comune, ang dayuhan ay dapat na magpadala ng aplikasyon sa Anagrafe ng kanyang bagong tinitirhan sa loob ng 20 araw simula sa aktwal na paglipat ng bahay, kalakip ang mga sumusunod:

- Isang dokumento na pagkikilanlan na may bisa;

- Residence permit o application receipt para sa residence permit renewal;
- Italian driving license o mga dokumento ng rehistrasyon para sa mga pag-aaring sasakyan (kung mayroon).

Kung may pagbabago sa tirahan sa parehong Comune, ang dayuhan ay dapat pa ring gumawa ng aplikasyon sa Anagrafe sa pamamagitan ng pagpapakita ng isang may saysay pagkakakilanlang dokumento (pasaporte o ID), residence permit (ng lahat ng nais magpapalit ng address), Italian driving licence o mga dokumento ng rehistrasyon para sa mga pag-aaring sasakyan (kung mayroon).

## D. Identity card (Carta d'Identità)

Upang magkaroon ng identity card, ang dayuhan ay dapat magpunta sa Anagrafe at magbigay ng mga sumusunod:

- Tatlong magkakamukhang bagong passport-size na litrato
- Pasaporte na may bisa
- Residence permit na may bisa pa o aplikasyon para sa renewal ng wala nang bisang permit

Ang identity card ay may bisa sa loob ng limang taon at walang bisa para gamitin sa paglalakbay sa ibang bansa. Hindi nito pinahihintulutan ang isa dayuhang na manirahan sa Italya kung wala (o kaya'y walang bisa) ang residence permit.

## E. Social security at social assistance

*Ang batas sa social security ay nagbibigay ng garantiya at proteksyon sa mga migrante tulad ng sumusunod:*

- Pantay na pagtrato sa mga migrante at Italianong manggagawa sa kanilang karapatan sa social security sa Italya;
- Proteksyon ng mga manggagawa na naghahanapbuhay sa ibang bansa, bunga ng maraming kasunduang pang-internasyunal ukol sa social security na itinalaga sa Italya sa pagitan ng mga bansang nagpapadala ng manggagawa (halimbawa, Cape Verde at Tunis);
- Proteksyon sa karapatan sa social security ng mga dayuhang manggagawa na bumabalik sa kanilang bansang pinanggalingan bago ang 65 taong gulang, kahit na ang manggagawa ay nagbayad lamang ng kanyang kontribusyon na hindi hihigit sa limang taon. Ang dayuhang manggagawa na bumalik sa kanyang sariling bansa ay hindi mawawalan ng karapatan sa pensyon, kapag ang mga kinakailangang dokumento na ayon sa batas ay maipakikita. Kung nahuli ang aplikasyon ng requests for pension, ito ay naggagarantiya pa rin ng pagbawi ng pension quota na limitado lamang sa 10 taon.
- Para sa mga dayuhang manggagawa na may EC long-term residence permit, maaaring mabigyan sila ng pang-ekonomiya – at pang-sosyal na suporta tulad ng civil invalidity, social pension, suportang pinansyal sa mga kababaihang nagbubuntis, at iba pa.
- Ang rehistrasyon para sa social security ay ginagawa sa oras pagpirmang kontrata sa pagitan ng employer at empleyado ay napirmahan na. Responsibilidad ng employer na irehistro ang kanyang manggagawa para sa social security. Dapat ipaalam ng employer sa INPS ang pagkuha ng isang domestic worker nang hindi lalampas ng sampung araw pagkatapos ng huling calendar trimester kung saan ang pagkuha ng manggagawa ay naganap at kailangang bayaran ang tamang kontribusyon sa bawat talatakdan na nakasaad sa mga regulasyon ng INPS:

- 10<sup>th</sup> April kung ang pagkuha sa manggagawa ay naganap sa loob ng 1 Enero January hanggang 31 Marso.
  - 10<sup>th</sup> July kung ang pagkuha sa manggagawa ay naganap sa loob ng 1 Abril hanggang 30 Hunyo.
  - 10<sup>th</sup> October kung ang pagkuha sa manggagawa ay naganap sa loob ng 1 Hunyo hanggang 30 Setyembre.
  - 10<sup>th</sup> January kung ang pagkuha sa manggagawa ay naganap sa loob ng 1 Oktubre hanggang 31 Disyembre.
- May multang ipapataw ang INPS kapag lumampas ang pagpapalam sa takdang araw na nabanggit sa itaas. Ang pagpaparehistro ay maaring gawin sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono sa toll free number 803 1 64 0 sa internet kung saan may pupunuang registration form at ipadadala sa website ng INPS [www.inps.it](http://www.inps.it)
  - Ang employer ay may responsibilidad na ipaalam sa INAIL kung kailan nagsimula ng trabahong domestiko ng manggagawa sa loob ng 24 oras ng pag-uumpisa ng trabaho. Maaari ding gawin ang pagsasabi sa loob ng limang araw mula sa unang araw ng pagtratrabaho kung may dahilan sakaling nahuli ito . Maaaring gawin ito sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono sa toll free number 803 1 64 at sa e-mail na nakalathala sa website ng INPS:
  - Kinakailangang ipa-alam ng employer sa tamang panahon ng pagkakatanggap ng empleyado sa mga:
    - **Registry:** para sa live-in na manggagawa
    - **Employment centres:** Employment centres: para sa lahat ng manggagawa
  - Simula Enero 1, 2007 isinasaad sa batas na dapat ipaalam sa Questura ang pagkatanggal sa trabaho ng isang manggagawa na hindi taga Europa, sa loob ng 48 oras. Para sa mga live-in na manggagawa, ang employer ay dapat ding sabihan ang Anagrafe at ang Centro per l'Impiego ukol sa pagkatanggal sa trabaho ng isang manggagawa.

*Sa karagdagang impormasyon at suhestiyon sa isyung ito, may libreng tulong mula sa Patronati, Centro per l'Impiego at iba pang ahensya, mga migrant desks ng CGIL-CISL-UIL at iba pang asosasyon ng mga manggagawa. Para sa mga residente ng Roma, Florence at Milan, kumunsulta sa mga NGOs at service*

centre section; para sa iba pa, mangyari lamang na kumunsulta sa mga website ng mga asosasyon at samahan ng mga manggagawa sa ilalim ng parehas na kategoriya, o kaya nama'y bumisita sa mga Patronati office sa inyong lugar na tinitirhan, kung saan ang parehas na impormasyon at serbisyo ay nakalaan sa lahat ng dayuhang manggagawa.

## F. Tulong pang-medikal at pangangalagang pankalusugan

Ang mga EU at non-EU nationals na rehistrado sa Servizio Sanitario Nazionale (S.S.N. - National Health Service) ay binibigyan ng karapatan na makatanggap ng pangangalagang pangkalusugan na nakasaklaw sa batas. Upang makatanggap ng suportang medikal at pangangalagang pangkalusugan, ang dayuhang mamamayan ay kailangang magpalista sa [Azienda Sanitaria Locale - ASL \(Local health Office\)](#) sa kanyang lugar na tinitirhan, at kung saan ang dayuhan ay maaaring pumili ng manggagamot ng kanyang pamilya o pediatrician kung para sa mga bata. Ang mga opisina ng ASL ang nakaatas na tulungan ang mga mamamayan na makipag-ugnayan sa serbisyong pangkalusugan.

- Ang mga dayugang mamamayan ay dapat na magrehistro sa S.S.N. kung:
  - May residence permit at may regular subordinate work, may sariling negosyo, o kaya ay nakalista sa mga listahan ng mga walang trabaho;
  - May regular residence permit o kaya ay nag-apply ng renewal ng kanilang permit para sa sumusunod na dahilan: subordinate work, self-employment, family, asylum, asylum application, pag-amon, foster care, citizenship o relihiyon;
  - Miyembro ng pamilya na naka-dipende (may residence permit na may bisa) na kasama sa mga nabanggit sa itaas.
  - Ang mga taong hindi kasama sa mga nasabing kategorya ay hindi kailangang magparehistro sa S.S.N. Gayun pa man, kailangan nilang kumuha ng insurance policy sa pagkakasakit, sakuna at pagbubuntis, na may bisa sa buong Italya at nasasaklaw ang mga miyembro ng pamilya na dependent.

- Sa pagrerehistro sa S.S.N., ang mga sumusunod na dokumento ay dapat ipakita sa ASL:
  - Identity card (*Carta d'Identità*)
  - Fiscal code
  - Residence permit
  - Sariling katunayan tungkol sa lugar ng tirahan o actual domicile, at kung saan ang dayuhan ay itinuturing na residente at siya ay nanirahan ng mahigit sa tatlong buwan sa isang lugar (kagaya ng makikita dapat ito sa residence permit).
- Ang rehistrasyon sa S.S.N. ay may bisa sa panahon na nakasaad sa residence permit, pati na rin ang panahong nakasaad sa renewal.
- Ang pagbibigay ng personal Health-care Card (Tesserino Sanitario Personale) na may bisa tulad nang nakasaad sa Residence Permit
- May suportang medikal din na ibinibigay:
  - Sa oras ng pagbubuntis at pag-aalaga ng bata (motherhood);
  - Pangangailangang pangkalusugan ng mga bata;
  - Sa pamamagitan ng mga bakuna na nakasaad sa mga regulasyong pangkalusugan na ipinatutupad at sa mga kampanya laban sa sakit na aprubado ng iba't ibang rehiyon;
  - Sa pamamagitan ng mga programa at kampanyang internasyunal upang maiwasan ang mga sakit;
  - Sa pamamagitan ng mga malawakang programa ukol sapag-iwas sa nakahahawang sakit, pagsusuri at pagpapagamot.

## G. Mga Family Planning Clinics (Consultori Familiari)

Bawat ASL ay may isang family planning clinic, kung saan ayon sa batas, ay dapat magbigay ng libreng serbisyo para sa lahat. Hindi na kinakailangang magkaroon ng reseta ng duktore ng pamilya upang makagamit ng serbisyong ito. Ang mga klinika ng family planning ay dapat magbigay ng suporta sa mga babaeng nagbubuntis kahit na sila ay walang residence permit, at sa kanilang mga anak ay wala pang 18 taong gulang. Ang mga klinikang ito ay nagbibigay ng tulong



at konsultasyon tungkol sa pangkalusugan ng kababaihan, mga nagbubuntis at mga babaeng nagdesisyong itigil ang kanilang pagbubuntis. Ang ASL ay dapat ding magbigay ng gynaecological assistance, pag-iwas at pagsusuri ng sakit na tumor sa maselang bahagi ng babae, family mediation at suportang sikoholikal, bakuna laban sa German measles para sa mga babae na nasa panahon ng kanilang obulasyon, at iba pa.

## **Tulong na medikal sa mga nagbubuntis na babae**

Ang buntis na dayuhang babae ay may karapatan na makatanggap ng tulong pangmedikal kahit hindi ligal ang pagpasok niya sa bansa. Hindi dapat pagbayarin ang babae ng tiket para sa tulong pangmedikal at sa lahat ng mga pagsusuri sa kanya at special medical care na kinakailangan upang mapangalagaan ang pagbubuntis.

## **Pagtigil sa pagbubuntis**

Ayon sa batas ng Italya, ang isang babaeng nasa hustong gulang ay may karapatang magdesisyon na itigil ang pagbubuntis sa loob ng 90 na araw o unang tatlong buwan ng pagbubuntis. Pagkatapos ng tatlong buwan, ang pagbubuntis ay maaari lamang itigil kung ang buhay ng ina ay nanganganib dahil sa kanyang pagbubuntis, o kung may malaking posibilidad na maipanganak ang bata nang may seryosong depekto na maglalagay sa kanya sa isang seryosong pisikal o mental na kondisyon. Upang itigil ang pagbubuntis, ang babae ay dapat humingi ng tulong sa kanyang duktora na pampamilya o kaya sa mga family planning clinic sa mga lokal na ASL.

## **Pagpapa-ospital**

Ang mga gastusin sa ospital ay sasagutin ng Servizio Sanitario Nazionale (SSN-National Health Service). Ang mga empleyado ng pagamutan ay inaatasang ipaalam sa pasyente ang lahat ng mga magiging epekto ng surgical operation, anaesthesia, at iba pa. Ang pasyente ay dapat ding masabihan tungkol sa mga posibleng alternatibong paraan sa kanilang problema. Bago mag operasyon, dapat ibigay ng pasyente ang kanyang pagsang-ayon at pirmahan ang 'acceptance of intervention'.

## H. Edukasyon

### Menor de edad na mga Bata

Lahat ng mga anak ng dayuhan, kahit na walang residence permit na may bisa, ay binibigyan ng karapatan sa edukasyon. Ang pagpapalista ng mga dayuhang menor de edad na kabataan ay batay sa kaparehong patakaran at ginagamit sa mga batang Italyano at maaaring gawin sa ano mang oras ng taon.

Sa batas ng Italya, ang mga menor de edad na bata ay dapat mag-aral, at responsibilidad at obligasyon ng mga magulang o ang taong may responsibilidad sa kanya na papasukin sila sa antas na nauukol para sa kanilang edad, maliban na lamang kung ang samahan ng mga guro ay magdesisyong ilagay ang bata sa ibang antas batay sa mga sumusunod:

- Sistema ng eskwelahan ng bansang pinanggalingan ng bata;
- Pagsuri ng kakayahan, kwalipikasyon, at antas ng kaalaman ng bata;
- Programa/degree na kinuha sa bansang pinanggalingan;
- Kwalipikasyong pang edukasyon, kung mayroon

### Karapatan sa Edukasyon ng mga Dayuhang Nasa Hustong Edad na Nakatira sa Italya

Ang mga dayuhang nasa hustong gulang ay mayroon ding karapatan na makatanggap ng edukasyon. Ang karapatang ito ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga dayuhang manggagawa na mag-aral ng salitang Italyano, itinuturing na pinakamahalaga para sa integrasyon sa lipunan ng Italya. Ang mga kurso sa lingwahe at literatura sa iba't ibang antas ay maaaring kuhanin sa maraming paaralang pampubliko sa elementarya at sekondarya maging ang boluntaryong organisasyon sa buong bansa.

Ang mga taong nakatapos na ng edukasyon (elementarya at mababang antas ng eskwelang sekondarya) na nagnanais magpatuloy pa ng pag-aaral ay maaaring magpalista sa mataas na antas ng sekondarya upang makatanggap ng karampatang edukasyon.

## Edukasyon sa Unibersidad

Ang mga dayuhan estudyante ay maaring matanggap sa mga unibersidad katulad sa mga kondisyon para sa mga Italyano kung:

- Naninirahan sa Italya at may EC-Long-term residence permit o kaya ay residence permit na ipinagkaloob para sa subordinate work, self-employment, family, political asylum or humanitarian protection at dahilang pangrelihiyon;
- Nanirahan na sa Italya at nagkaroon ng isang regular residence permit ng kahit isang taon at may mataas na kwalipikasyon sa edukasyon na ipinagkaloob ng Italya;
- May pinanghahawakang mga diploma na ipinagkaloob ng mga paaralang Italyano sa ibang bansa o kaya ng mga paaralang dayuhan/internasyunal sa loob labas ng Italya, na kinikilala sa pamamagitan ng mga “bilateral agreements” o partikular na provisions na naaayon sa batas, kahit saan pa ang kanyang lugar/bansang tinitirhan.

## I. Pagkamamamayang Italyano (Italian Citizenship)

Ang mga dayuhang maaaring makakuha ng Italian citizenship ay ang mga sumusunod:

- Ipinanganak sa Italya at ligal na nakatira sa bansa sa loob ng 18 taon; at dineklara na nais nilang makakuha ng Italian citizenship;
- Ikinasal sa mamamayan ng Italya;
- Pag-a-apply para sa ‘naturalization’ kung saan ang pangunahing kondisyon para mabigyan ng Italian citizenship ay ang ligal na pannirahan sa Italya ng 10 taon, ngunit depende sa kaso ng bawat isa ang pagbibigay nito. Ibinibigay ang pagkamamamayan matapos ang masusing pag-aaral sa katayuan ng aplikante, tulad ng katayuang pang-

ekonomiya, pagbabayad ng buwis at iba pang piskal na responsibilidad, walang rekord ng kriminal na aktibidad, at batay sakatayang socio-cultural integrasyon sa Italya.

## **I.1. Citizenship o pagkamamamayan para sa mga batang ipinanganak sa Italya**

Ang mga anak ng dayuhang migrante na ipinanganak at nanirahan sa Italya mula ng kanilang kapanganakan ay maaaring magdeklara na nais nilang magkaroon ng Italian citizenship kung ang kahilingang ito ay ginawa bago sumapit ang kanyang ika-18 taong gulang. Para sa aplikasyon, ang Anagrafe Centrale ng siyudad/komunidad ng tinitirhan ang katungkulan sa pagbibigay ng lahat ng impormasyon hinggil sa buong proseso.

## **I.2. Citizenship o pagkamamamayan sa pamamagitan ng Kasal**

Ang mga sumusunod ay mga kailangan para sa pagkuha ng pagkamamamayan sa pamamagitan ng kasal:

- Ang isang dayuhan ay maaring magpasa ng aplikasyon mula sa araw ng kasal kung siya ay ikinasal sa isang mamamayan ng Italya at tumira ng ayon sa batas sa bansa nang pinakamababa ay anim na buwan;
- Kung ang dayuhan ay nakatira sa ibang bansa, siya ay maaring magpasa ng aplikasyon tatlong taon matapos ang kasal;
- Sa mga panahong ito, walang paghihiwalay, pagsasawalang-bisa o pagtigil sa sibil na epekto ng kasal ang dapat mangyari at walang ligal na paghihiwalay na dapat maganap.

Ang aplikasyon ay dapat may kalakip na mga sumusunod na dokumento:

- Buod ng birth certificate na isalin sa Italyano at pinatunayan ayon sa mga kaugnay na panuto na nakasaad sa application form;
- Katunayan ng Criminal record na ipinagkaloob ng bansang pinanggalingan na isalin sa Italyano at pinatunayan ayon sa mga alituntunin na nakasaad sa application form;

- Pagpuno sa maraming mahahalagang na bahagi ng nasabing application form sa pamamagitan ng mga self-declaration form: instructions given in the application form.
  - Katunayan ng tirahan sa Italya.
  - Katunayan ng kalagayan ng pamilya.
  - Katunayan ng ligal ng kalagayan sa Italya.
  - Katunayan ng Italian citizenship ng asawang Italyano.
  - Mga papeles na nagpapatunay ng bisa ng kasal.

*Ang aplikasyon para sa pagkamamamayan sa Italya ay maaring hilingin sa Prefecture sa lugar na tinitirhan ng dayuhan, sa pamamagitan ng maayos na pagpuno ng application form na may kalakip na €14.62 revenue stamp. Kung ang dayuhan ay nakatira sa ibang bansa, ang aplikasyon ay maaring ipasa sa nakatalagang Consular Authority tatlong taon matapos ang kasal.*

### **I.3. Citizenship by Ordinary Naturalization**

Ang mga sumusunod ay ang mga kailangan para sa pagkamamamayan sa Italya sa pamamagitan ng Ordinary Naturalization:

- Buod ng birth certificate na isinalin sa Italyano at pinatunayan ayon sa mga kaugnay na panuto na nakasaad sa application form;
- Katunayan ng Criminal record na ipinagkaloob ng bansang pinanggalingan na isinalin sa Italyano at pinatunayan ayon sa mga kaugnay na panuto na nakasaad sa application form;
- Katunayan ng kasaysayan ng paninirahan sa Italya (na may kalakip na €14.75 revenue stamp)
- Katunayan ng kalagayan ng pamilya (na may kalakip na €14.75 revenue stamp)
- Katunayan ng Criminal Records sa Italya (na may kalakip na €14.75 revenue stamp)
- Kopya ng mga annual income declaration (Mod. 101, 730, 740, etc) sa loob ng huling tatlong taon

- Pagpapahayag o deklarasyon ukol sa pagpapalit ng tinitirhan
- Kopya ng may mga bisang dokumento (Identity card, lisensya sa pagmamaneho, pasaporte)
- Kopya ng Residence Permit

Ang mga application form at self-certification model ay maaaring makuha mula sa: [www.interno.it](http://www.interno.it) Para sa aplikasyon sa mga anak ng migrante na nakatira sa Roma, makipag-ugnayan sa Comune di Roma sa Via Petroselli, 50, tel. 06 67103989, [www.prefettura.roma.it](http://www.prefettura.roma.it)

Ang nakatalagang tanggapan upang malaman pa ang tungkol sa detalye ng aplikasyon para sa Italian citizenship ng mga anak ng migrante ay ang Comune o ang munisipyong tinitirhan. Para sa aplikasyon sa mga anak ng migrante na nakatira sa Roma, maaring makipag-ugnayan sa Comune di Roma sa Via Petroselli, 50, tel. 06 67103986; para sa Florence at Milan, maaari lamang na bisitahin ang Anagrafe.

## **I.4. Pagkamamamayan sa pamamagitan ng pagtira sa Italya**

Ang pagkamamamayan ay iginagawad sa mga hindi Italyano na nakamit ang mga kailangang na nakasaad sa batas ng Italya sa pagkamamamayan.

- Isang mamamayang hindi taga-Europa at nanirahan ng ayon sa batas sa Italya nang kahit sampung taon;
- Isang mamamayang taga Europa at nanirahan ng ayon sa batas sa Italya nang kahit apat na taon;
- Isang 'stateless person' o 'political refugee' na nanirahan ng ayon sa batas sa Italya nang kahit limang taon;
- Isang anak o ikalawang antas na lineal grandchild ng mga mamamayang Italyano sa pamamagitan ng pagkapanganak at nanirahan ng ayon sa

- batas ng Italya nang kahit tatlong taon;
- Ipinanganak sa Italya at nanirahan ng ayon sa batas ng Italya nang kahit tatlong taon;
  - Isang taong nasa hustong gulang, na inampon ng isang mamamayan ng Italya, tumira ng ayon sa batas sa Italya nang kahit limang taon matapos ng pag-ampon;
  - Nagtrabaho para sa Estado ng Italya, kahit sa ibang bansa, nang kahit limang taon (sa kaso nang serbisyo sa ibang bansa hindi kinakailangang ang lugar na tinitirhan ay sa Italya at ang dayuhan ay maaaring pagpasa ng kanyang aplikasyon sa nakatalagang Consular authority).

Ang aplikasyon para sa pagkamamamayan sa Italya ay maaring ipasa sa Prefecture sa lugar na tinitirhan ng dayuhang nasyonal, sa pamamagitan ng maayos na pagpuno ng application form na may kalakip na €14.62 revenue stamp. Kasama ang napunan na application form, ang mga sumusunod na dokumento ay dapat ipasa:

- Buod ng birth certificate kasama ang lahat ng personal na mga detalye (maliban lamang sa mga dayuhang nasyonal na ipinanganak sa Italya) na isinalin sa Italyano at pinatunayan ayon sa mga kaugnay na panuto na nakasaad sa application form (na dapat ipasa sa Prefecture);
- Katunayan ng Criminal record certificate na ipinagkaloob ng bansang pinanggalingan na isinalin sa Italyano at pinatunayan ayon sa mga kaugnay na panuto na nakasaad sa application form;
- Sa pagpuno sa maraming mahahalagang bahagi ng nasabing application form, ang dayuhan ay maaring magkaloob ng sariling deklarasyon tungkol sa lugar na tinitirhan, estado ng pamilya, ligal na posisyon sa Italya, at ang sahod sa huling tatlong taon.

*Kung ang mga kinakailangang mga papeles ay hindi tama o di sapat, ipaalam ng Prefecture sa aplikante na ayusin o kumpletuhin ang mga dokumento sa takdang petsa. Ang hindi pagsunod dito ay maaring mangahulugan ng pagtanggap sa aplikasyon.*

*Ang kapangyarihan ng malayang pagpapasiya sa mga pangangailangang pang-administratibo ay ipinapatupad ng batas higit lalo na sa pagsusuri ng mga dokumento. Ang aplikasyon para sa pagkamamamayan sa Italya ay maaaring*

*itanggi dahil sa mga kadahilanang ukol sa pambansang kapayapaan, pati na rin ang iba pang dahilan, tulad ng: maikling panahon ng pagtira sa bansa ayon sa batas, kakulangan sa salapi, may dating hatol na kaugnay sa krimen o hindi kaya'y mababang antas ng integrasyon sa lipunan.*

*Ang Call Centre ng Ministero dell'Interno 06 48042101/2/3/4 at Ufficio Cittadinanza 06 433621214 ay maaaring makausap para sa iba pang detalye at pagbabago sa mga patakaran tungkol sa aplikasyon o kahilingan para sa pagkamamamayan sa Italya.*



## **Mga Networks at Organizasyon Nagbibigay Tulong sa mga Migrante/ Dayuhang Manggagawa**

## A. Mga institusyong tumutulong ukol sa mga usapin ng paggawa at Residence Permit sa Roma, Florence at Milan

Ang bahaging ito ay naghahatid ng mga pinaka-mahalagang pampublikong tanggapan at mga sentro na nagbibigay ng mga libreng serbisyo sa mga migrante, pati na rin ang mga impormasyon sa mga karapatan tungkol sa Carta di Soggiorno CE (EC Residence Card), permit to stay, citizenship, family reunification, mga posibleng trabaho, pensyon at hindi pagkakaroon nito, karapatang bayad hinggil sa pagbubuntis, pagkontrol sa sweldo (pay slip), liquidation pay (TFR), pagkwenta at pagpapasa ng mga income tax return, pagbabalik ng kontribusyon, family allowance, political asylum, mobbing, usapang pangkalusugan, at iba pa. Ang mga NGOs at iba pang boluntaryong institusyon na nagbibigay ng iba pang serbisyo sa mga dayuhang manggagawa ay nakalista sa ibaba.

### A.1 Mga Public Support Institution sa Roma

#### **Ufficio Immigrazione Sportello Unico for Nulla Osta**

Office of the Prefecture of Roma Via Ostiense 131 L, piano 1°, scala BI – Tel. 06 67294841-4.

#### **INAS-CISL – Istituto Nazionale Assistenza Sociale**

Central Office: Viale Margherita 83/D – 00198 – Roma – Tel. 06 844381 Toll free number – 800 001 303 [www.inas.it/immigrazione](http://www.inas.it/immigrazione)

INAS-Roma – Viale Regina Margherita, 83/A – Tel. 06 84438390

INAS RM –Tuscolano - Viale A. Ciamarra 3/5 – Tel. 06 72900363

INAS RM – Aurelio Trionfale – Via B. degli Ubaldi, 378 – Tel. 06 6380500-39376533

INAS RM – Montesacro – Via Monte Cervialto, 138 – Tel. : 06 87189716 / 87191340

INAS RM – Magliana – Via dell’Impruneta, 15, Sc C-Int. 2 – Tel. : 06 5506884

UZ INAS – Ostia Lido – Via Paolo Orlando, 58 – Tel. 06 5624210.

INAS RM Centocelle – Via dei Castani, 56 – Tel. 2314070.

INAS Roma Centro – Via Crescimbene, 13/72 – Tel. 06 70493438  
INAS RM Tiburtino – Via Mozart, 77 – Tel. 06 4073411

### **CGIL – Confederazione Generale Italiana del lavoro**

CELSI – CGIL (Central Office for Immigration services)  
Via Buonarroti, 12 (Zona Piazza Vittorio) – Tel. 06 4814703  
[www.cgil.it/immigrazione](http://www.cgil.it/immigrazione)

CELSI-INCA – Via Buonarroti, 12 (Zona Piazza Vittorio) –  
Tel. 06 4467978

#### **Other offices:**

Via Massaciuccoli, 61 (Zona Viale Eritrea) – Tel. 0686214552  
Via Stamira 74/a (Zona Piazza Bologna) – Tel. 06 44254744  
Via G. Branca, 46 (Zona Testaccio) – Tel. 06 5745555  
Via P. Giannone, 7 (Zona Trionfale) – Tel. 06 39723729  
Via dei Volsci, 62 (Zona San Lorenzo) – Tel. 06 4463131  
Via Montezebio, 9 (Zona Prati) – Tel. 06 45427600

### **ITAL-UIL (Unione Italiana del Lavoro)**

Via Cavour 108 - Roma 00184 – Tel. 06 48166341  
[www.uil.it](http://www.uil.it)

### **ACLI- COLF Immigrazione**

Via G. Marcora 18/20 – Tel. 06 5840485  
[www.acli.it](http://www.acli.it)

### **API-COLF**

Piazza Sallustio, 3 - Tel. 06 4814573  
[www.api-colf.it](http://www.api-colf.it)

### **Associazione Nazionale Oltre la Frontiera (ANOLF)**

Via Salaria, 89 - Tel. 06 8841732 / 8543387  
[www.anolf.it](http://www.anolf.it)

### **Difensore Civico of Comune di Roma**

Migrants Desk  
Via Barberini, 95 – Tel. 06 6710 9723 /22  
[www.difensorecivico.roma.it](http://www.difensorecivico.roma.it)

## A.2. Listahan ng mga NGOs at iba pang mga institusyon na nagbibigay ng serbisyong panlipunan at iba pang mga tulong sa mga manggagawang migrante

Pangalan ng organisasyon at direksiyon	Serbisyong sosyal para sa mga migranteng manggagawa
<p>Centro Servizi per l'Immigrazione (Cinecittà) Via Vignali, 14 – Rome Tel. 06-72991208 CSI has 9 centres in the Province of Rome <a href="http://www.capitalelavoro.it">www.capitalelavoro.it</a></p>	<p>Nagbibigay ng mga serbisyong sosyo-kultural at linguistic mediation; impormasyon sa batas migrasyong nasyonal at pang-rehiyon at ang mga karapatan at obligasyon ng mga migrante; tumutulong sa pagproseso ng mga dokumento; Oryentasyon sa trabaho o paggawa.</p>
<p>AMSI – Associazione Medici Stranieri in Italia Viale Libia, 5 – Rome Tel./fax: 06 86325874</p>	<p>Libreng medikal at dental check-up at agarang pagbigay ng lunas sa sakit. Ang mga serbisyo ay ibinibigay sa iba't ibang lingwahe</p>
<p>Ass. "Progetto Casa Verde" Via Scido 104, Morena, Roma Tel. 06-7900059 <a href="http://www.progettocasaverde.it">www.progettocasaverde.it</a></p>	<p>Mga Italian language at pagsasanay para sa mga tagapag-alaga o caregiver</p>
<p>Ass. Virtus Ponte Mammolo Via Donato Menichella, 146, Rome Tel. 06-4060305 <a href="http://www.virtuspontemammolo.it">www.virtuspontemammolo.it</a></p>	<p>Impormasyon sa mga kasalukuyang batas, mga karapatan ng migrante, suportang pang-edukasyon, mga skills training course, mga posibilidad na trabaho</p>
<p>Immigrati Caritas Roma Tel. 06-6875228 E-mail: <a href="mailto:area.immigrati@caritasroma.it">area.immigrati@caritasroma.it</a></p>	<p>Nag-aalok ng bahay, pagkain at damit sa mga mahihirap na migrante at refugee, libreng language course kasama ang mga kursong pagsasanay na pang-propesyonal, mga job placement at marami pang serbisyong pagpapayo na kaugnay sa mga batas at integrasyon sa lipunan.</p>

<p>Ospedale S. Gallicano Servizio di Medicina delle migrazioni Via San Gallicano, 25/a Tel. 06-58543780 <a href="http://www.inmp.it">www.inmp.it</a></p>	<p>Libreng pagkonsulta sa kalusugan at lunas para sa mga regular at irregular na migrante, mga intercultural mediation service, mga pagsasanay at seminar na ukol sa isyung pangkalusugan.</p>
<p>Centro Welcome Viale Romania 32 00197 Rome Tel. 06-85300916</p>	<p>Nagbibigay ng libreng tulong pangkalusugan sa mga migrante, lalung- lalo na sa mga kababaihang migrante; nagbibigay ng skills training at isinusulong ang pagnenegosyo para sa mga kababaihang migrante sa Roma</p>
<p>Centro CIES Educazione allo Sviluppo Tel. 06-48880311/ 06-77264611 E-mail: <a href="mailto:cies@cies.it">cies@cies.it</a> <a href="http://www.cies.it">http://www.cies.it</a></p>	<p>Nagbibigay ng mga kursong pagsasanay para sa mga intercultural mediator, kampanya upang itaas ang kaalaman ng mga tao sa karapatan ng mga migrante, at ang paglalathala ng mga kaugnay na impormasyon tungkol sa migrasyon.</p>
<p>Comunità S.Egidio Piazza S.Egidio 3/a - Roma Tel. +39.06/8992234 Tel. 06-5894327 E-mail: <a href="mailto:info@santegidio.org">info@santegidio.org</a></p>	<p>Pagpapayong serbisyo, pagbibigay ng pagkain at iba pang klaseng tulong, pabahay, libreng klase ng lingwaheng Italyano para sa mga migrante</p>
<p>Candelaria – Associazione Donne immigrate Casa Internazionale delle Donne Via della Lungara, 19 - Rome Tel. 06 6879293 E-mail: <a href="mailto:candelaria@tiscali.it">candelaria@tiscali.it</a></p>	<p>Pagpapayo, legal assistance at referral service para sa mga kababaihang migrante, programang pagsasanay sa pagiging lider at empowerment, intercultural mediation, anti-racist training para sa mga guro at pampublikong manggagawa sa sektor ng kalusugan sa rehiyon. Nagbibigay din ng leksyon pag-aaral ng lingwaheng Italyano.</p>

<p>Associazioni Donne di Colori Via Tiberna, 64 – Rome Tel. 339 5725733 E-mail: <a href="mailto:donneacolorionlus@yahoo.it">donneacolorionlus@yahoo.it</a></p>	<p>Nagbibigay ng medikal,sikolohikal at ligal na suporta sa mga kababaihang migrante; Nag-aalok ng mga propesyonal na pagsasanay at pag-aaral ng lingwaheng Italyano.</p>
<p>Centro Didattico Interculturale – Celio Azzurro Salita Gregorio al Celio, 3 – Roma Tel. 06 7004271 <a href="http://www.celioazzurro.org">www.celioazzurro.org</a></p>	<p>Nagbibigay ng mga serbisyong pang edukasyon at pag-aalaga ng bata para sa mga anak ng migrante na edad 3 – 6 na taong gulang.</p>
<p>Cooperativa Strada Facendo Via Carlo Emanuele, 48 – Roma Tel. 06 7008867 Email: <a href="mailto:stradafacendo@yahoo.it">stradafacendo@yahoo.it</a></p>	<p>Nagbibigay ng payo ukol sa mga usaping pampamilya at serbisyo para sa pag-aalaga ng bata; Nag-oorganisa ng mga cultural exchange program.</p>
<p>Differenza Donna Via delle Tre Cannelle, 15 - Rome Tel. 06 6780537 <a href="http://www.differenzadonna.it">www.differenzadonna.it</a></p>	<p>Legal assistance para sa mga kababaihang migrante na biktima ng karahasan at trafficking. Ang organisasyon ay may malaking network ng pabahay sa probinsya ng Roma.</p>
<p>NODI – I nostri diritti E-mail: <a href="mailto:inostridiritti@yahoo.es">inostridiritti@yahoo.es</a> Tel. 06-6833688</p>	<p>Pagpapayo at legal assistance, intercultural mediation para sa mga kababaihang migrante tungkol sa karapatan ng mga pamilya ng migrante, karapatan sa kalusugan at edukasyon, karapatan ng mga bata, pag-aampon, pabahay at pagkuha ng pagkamamamayan.</p>

<p>Casa dei Diritti Sociali - FOCUS Via dei Mille, 6 00185 Rome Tel: 06 4464613/06 4464933 Fax: 06 44700229 E-mail: <a href="mailto:info@dirittisociali.org">info@dirittisociali.org</a> <a href="http://www.dirittisociali.org">www.dirittisociali.org</a></p>	<p>Nagbibigay ng tulong upang mapadali ang integrasyon. Nagtatrabaho sa maraming reception centre para sa sosyo-kultural na mediation, medical care, legal at alagang pangkalusugan, pagpapayo, pabahay, Italian language course, psycho-social support para mga batang menor de edad na biktima ng abuso, pananamantala at mga organisadong krimen.</p>
<p>Senzoinverso Viale Vicopisano, 83 - Roma <a href="http://www.senzoinverso.org">www.senzoinverso.org</a></p>	<p>Nagbibigay ng libreng klase ng Italyano para sa mga migrante.</p>
<p>Ufficio Centrale Studenti Esteri in Italia (UCSEI) Via Lungotevere dei Vallati, 14 00186 Rome Tel: 06 68804062 E-mail: <a href="mailto:ucsei@flashnet.it">ucsei@flashnet.it</a> <a href="http://www.ucsei.org">www.ucsei.org</a></p>	<p>Nagbibigay ng serbisyo sa mga estudyante tulad ng pabahay at impormasyon ukol sa mga batas ng imigrasyon.</p>
<p>Informagiovani Immigrati Via Ottavio Assarotti, 9/B Tel. 06 30600346 E-mail: <a href="mailto:cig19@romagiovane.it">cig19@romagiovane.it</a> <a href="http://www.inafrica.it/pagine/roma/utli.html">www.inafrica.it/pagine/roma/utli.html</a></p>	<p>Family planning clinic, medical care assistance, counseling service, professional training course at lingwaheng Italyano.</p>
<p>Fondazione Risorsa Donna Via di Santa Balbina, 6 – Roma Tel. 06 57289655 <a href="http://www.fondazionerisorsadonna.it">www.fondazionerisorsadonna.it</a></p>	<p>Nagbibigay ng tulong sa pamamagitan ng pagbibigay ng micro-credit sa mga kababaihang migrante para sa pang-negosyo at pang-edukasyong hangarin sa probinsya ng Roma; nag-oorganisa ng mga pag-aaral at pagsasanay sa pagnenegosyo para sa mga kababaihan.</p>

<p>Munting Tahanan at Commission for Filipino Migrant Workers (CFMW) Via Cerretti, 55 - Rome Tel: 06 66019097</p>	<p>Nagbibigay ng mga day-care service at nag-oorganisa ng summer camp sa mga anak ng migrante. Tumutulong din sa pagbibigay ng mga impormasyong kinakailangang malaman na may kinalaman sa karapatan at obligasyon ng mga manggagawang Pilipino</p>
<p>Kaisahan ng mga Manggagawang Pilipino sa Italya – KAMPI c/o CELSI, Via Buonarroti, 12 Tel. 06 47882296 / 5575794</p>	<p>Nagbibigay ng legal counseling sa mga isyung panggawa, mga intercultural mediation service, job placement; nag-oorganisa ng mga summer camp para sa mga anak ng migrante sa Roma.</p>
<p>Filipino Women's Council – FWC Casa Internazionale delle Donne Via della Lungara, 19 – Rome Telefax: c/o 06 2423512 Cell: 339 8922953/333 7053473 E-mail: <a href="mailto:fwc.italy@gmail.com">fwc.italy@gmail.com</a></p>	<p>Nagbibigay ng counseling at referral service partikular sa usapin ng kababaihan; intercultural mediation at mga pag sasalin ng lengguwahe, pagsasanay sa pagnenegosyo, pagiging lider, empowerment at orientation course para sa mga babae; research, lobby, advocacy at pakikipag-ugnayan sa iba pang organisasyong pangkababaihan at institusyong publiko at NGO sa Italya.</p>
<p>Pilipinas-OFSPES Casale Postale 64268 – 00153 Rome E-mail: <a href="mailto:info@pilipinas-ofspes.org">info@pilipinas-ofspes.org</a> <a href="http://www.pilipinas-ofspes.org">www.pilipinas-ofspes.org</a></p>	<p>Nagbibigay ng mga seminaryo sa pag-iipon at paggamit ng pera, art workshop at orientation seminar para sa mga bagong dating, pagiging lider at pagnenegosyo at programang may kinalaman sa teknolohiyang pang-computer o internet para sa mga kabataang Pilipino sa Roma.</p>



## **B. Mga Support institution para sa mga isyu ng Paggawa at Residence Permit sa Florence**

### **B.1 Mga Public Support Institutions sa Florence**

#### **Sportello Unico per l'Immigrazione - Florence**

Via A. Giacomini, 8 - Tel.: 05527831

#### **Meeting/Info Point**

Ufficio Immigrati del Comune di Firenze

Via Pietrapiana, 53

Tel. 055 2769791/9786/9787/9792

Isang serbisyo para sa mga asosasyon ng mga migrante na isinusulong ng City Council ng Florence, na nagbibigay ng impormasyon at mga pupuntahang lugar ukol sa mga usaping pangmigrasyon, legal assistance upang makapagtayo ng bagong asosasyon, nagbibigay ng lugar upang makagpulong ang mga organisasyon ng migrante. Ang tanggapan ng imigrasyon ay nagbibigay din ng intercultural mediation at serbisyo sa pagsasalin ng lingwahe.

### **B.2 Mga Opisina ng Malalaking Unyon ng mga Manggagawa sa Florence na nagbibigay ng impormasyon at suporta na kaugnay sa batas imigrasyon, isyu ng paggawa at karapatan ng mga migrante:**

#### **1. CGIL – Coordinamento Lavoratori Stanieri**

Via Borgo dei Greci, 3 – Tel. 055 2700472

Via Guido Monaco, 29 – Tel. 055 332547

#### **2. CISL-ANOLF**

Via Carlo Del Prete, 135 – Tel. 055 3269029

#### **3. UIL - Ufficio Immigrazione**

Via Vittorio Corcos, 15 – Tel. 055 7326199

Via Alamanni, 25 – Tel. 055 288033

### **B.3 Iba pang mga Institusyon na nagbibigay ng mga**

## serbisyong panlipunan at iba pang mga tulong

Pangalan ng organisasyon at direksion	Serbisyong pampubliko para sa mga migranteng manggagawa
<p><i>Centri per l'Impiego (Employment Centres) within the City</i>            Quartiere 1, Via Cavour 11/19 rosso - Tel. 055 2720331            Quartiere 2, Piazza Alberti 52 - Tel. 055 666128            Quartiere 3, Via Gran Bretagna 48 - Tel. 055 685521            Quartiere 4, Via delle Torri 23 - Tel. 055 2767142            Quartiere 5, Viale Guidoni 156 - Tel. 055 4476043            Toll Free number for the Province of Tuscany – 800 437631  <a href="http://www.provincia.fi.it/lavoro-formazione/cpi/sportello_immigrati.htm">www.provincia.fi.it/lavoro-formazione/cpi/sportello_immigrati.htm</a></p>	<p>Nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga gawain kaugnay ng imigrasyon, mga karapatan at obligasyon ng mga migrante; kasama ang legal counseling service; tumutulong sa preparasyon ng mga dokumentasyong pang administratibo na kinakailangan para sa pag-renew ng permit upang manatili, EC-Long-term permit (Carta CE), family reunification, citizenship; access to social services; oryentasyon at impormasyon ukol sa pagtatrabaho, pagsasanay at mga posibilidad na trabaho. Ang CSI ay pinapatakbo at pinapangasiwaan ng mga multi-ethnic intercultural linguistic at sociocultural na mga mediator.</p>
<p>Municipal/City Family Planning and Health Clinics in Florence            Via S. Monaca, 37 - Tel. 055 218883            Pzza SS. Annunziata, 13 - Tel. 055 2758706            Info: <a href="http://www.asf.toscana.it/">http://www.asf.toscana.it/</a>            Public Relations Office (URP) of the Azienda Sanitaria - Firenze            Piazza Brunelleschi, 1 - Tel. 055 2758200</p>	<p>Nagbibigay ng gynaecological at obstetric na serbisyo sa mga kababaihang migrante at ang kanilang mga anak hanggang 14 na taong gulang</p>
<p>Centro Stenone            Piazza S. Lorenzo 9            Tel. 055 280960</p>	<p>Libreng at dental assistance sa mga mahihirap na migrante.</p>

<p>Centro Aiuto alla Vita Piazza San Lorenzo 9 Tel. 055 291516</p>	<p>Suporta sa mga kababaihang nagbubuntis, pagbibigay ng damit, gatas, at diaper sa mga bata.</p>
<p>Direzione Istruzione – Servizio Asili Nido and complementary services Via Nicolodi, 2 - Tel. 055 265748</p>	<p>Nagbibigay ng impormasyon, tumatanggap ng aplikasyon sa enrolment ng mga anak ng mga migrante sa day care service sa loob ng Florence.</p>
<p>ABC, Centro di Lingua e Cultura Italiana Via dei Rustici, 7 – Tel. 055 312001 Lorenzo de' Medici Via Faenza, 43 – Tel. 055 287360 Macchiavelli Piazza S. Spirito, 4 – Tel. 055 2396966 CLI, Dante Alighieri Piazza della Repubblica, 5 – Tel. 055 210808 For information: Ufficio Immigrati del Comune di Firenze Via Pietrapiana, 53 - 3<sup>rd</sup> Floor Tel. 055 2769787/9786/9783/9792 E-mail: <a href="mailto:immigr@comune.fi.it">immigr@comune.fi.it</a></p>	<p>Nagbibigay ng libreng paaral para sa professional Italian language course ng mga manggagawang migrante na may bisa pa ang residence permit. Kinakailangang magpasa ng aplikasyon.</p>
<p>Centro Sociale Evangelico Via Manzoni, 21 – Tel. 055 2478476 Centro Sociale G. Barberi Borgo Pinti, 74 – Tel. 055 2480067 Centro Socio-Culturale Dea Borgo Pinti, 42/r – Tel. 055 2342238 Gli Anelli Mancanti Via Palazuollo, 8 – Tel 055 2399533</p>	<p>Nagbibigay ng libreng klase ng Italyano para sa mga migranteng manggagawa at mga refugee, legal services sa pamamagitan ng pagtatakda ng oras ng pagkikita.</p>
<p>VIDES Piazza Costituzione, 14/A – Tel. 055 899961 E-mail: <a href="mailto:sdonnino.pcn.net">sdonnino.pcn.net</a></p>	<p>Nagbibigay ng legal counseling, mga kurso ng Italyano, sikolohikal na suporta sa pamilya, nag-o-organisa ng mga intercultural training course.</p>

<p>Nosotras Via S. Agostino, 19 – Ground Floor Tel. 055 2776326 E-mail: <a href="mailto:infoponteimmigrati@libero.it">infoponteimmigrati@libero.it</a></p>	<p>Nagbibigay ng payo, impormasyon sa mga batas, mga intercultural mediation service, posibleng mga trabaho, legal assistance, kasama na ang libreng kurso ng Italyano sa mga kababaihang migrante.</p>
<p>Progetto Arcobaleno Via del Leone, 9 – Tel. 055 280052 E-mail: <a href="mailto:arcobaleno@progettoarcobaleno.it">arcobaleno@progettoarcobaleno.it</a> <a href="http://www.progettoarcobaleno.it">www.progettoarcobaleno.it</a></p>	<p>Nagbibigay ng pansamantalang pabahay, impormasyon tungkol sa mga batas at serbisyo para sa mga migrante at mga refugee, mga job training program, at legal counseling services</p>
<p>Progetto S. Agostino Via S. Agostino, 19 – Tel 055 294093 E-mail: <a href="mailto:agostino@comune.fi.it">agostino@comune.fi.it</a> <a href="http://www.progettosantagostino.it">www.progettosantagostino.it</a></p>	<p>Nagbibigay ng pansamantalang pabahay para sa mga kababaihang migrante at sa kanilang mga anak.</p>
<p>Casa Gestanti e Madri Piazza SS. Annunziata, 12 – Tel. 055 2307101 E-mail: <a href="mailto:m.mannelli@istitutodegliinnocenti.it">m.mannelli@istitutodegliinnocenti.it</a> (for information)</p>	<p>Nagbibigay ng pansamantalang pabahay para sa mga nagbubuntis na kababaihang migrante at sa kanilang mga anak. Ito ay naayon sa rekomendasyon ng Tribunal for Minors o nang Office of Social Services sa teritoryong nasasakupan.</p>

## C. Mga Pampublikong Institusyong para sa mga usapin ng Paggawa at Residence Permit sa Milan

### C.1 Mga Public Support Institutions sa Milan

#### Immigration Offices of the City of Milan

Via Tarvisio, 13 – Tels. 02 67391357/02 6700944

Via Barabino, 8 – Tels. 02 55230509 - 02 56611096

Via Edolo, 19 - Tel. 02 8846.7581

*Nagbibigay ng impormasyon sa lahat ng imigrante tungkol sa permit to stay, citizenship, family reunification at iba pang serbisyong administratibo, kasama na ang oryentasyon sa trabaho at mga kursong pagsasanay; serbisyo ng pagsalin sa ibang lingwahe, juridical counseling; nag-uugnay at nangangasiwa ng mga proyektong pagbahay sa Milan at tumutulong sa mga refugee at political asylum seeker.*

#### Immigration Office – Questura of Milan

Via Montebello 26, Via Cagni 21, and Viale Certosa 7 – Tel. Trunkline: 02 62261

For specific information on services and working hours, please visit:

[www.poliziadistato.it/pds/cittadino/stranieri/stranier.htm](http://www.poliziadistato.it/pds/cittadino/stranieri/stranier.htm)

#### Sportello Unico per l'immigrazione c/o la Prefettura di Milano

C.so Monforte 31 - 20122 Milano

Tel. 02/77584919/ 4385;

E-mail: [immigrazione.milano@utgprefettura.it](mailto:immigrazione.milano@utgprefettura.it)

[www.prefettura.milano.it/immigrazione/sui.htm](http://www.prefettura.milano.it/immigrazione/sui.htm)

#### Centri per il lavoro del Comune di Milano

Coordinamento Centri Lavoro

Via Bergognone, 30 - Tel. 02/884.56149

[www.comune.milano.it](http://www.comune.milano.it)

*Nagbibigay ng libreng serbisyo na naayon sa Settore Politiche del Lavoro para sa mga taong naghahanap ng trabaho, at nagbibigay ng impormasyon, oryentasyon at mga programang pagsasanay. Ang mga serbisyong ito ay makikita sa iba't ibang bahagi ng siyudad.*

## **C. 2 Mga Opisina ng Malalaking Unyon ng mga Manggagawa sa Milan na nagbibigay ng impormasyon at suporta na kaugnay sa batas imigrasyon, usapin ng paggawa at karapatan ng mga migrante:**

### **CGIL – Mga Immigration Centre na nasa mga sumusunod na direksyon:**

#### **Central Information Centre**

Corso Porta Vittoria, 43 – Tel. 02 55025254

Sesto San Giovanni- CGIL Camera del Lavoro

Via Breda 56 – Tel. 02 262721

San Siro - CGIL Camera del Lavoro - Piazzale Segesta 4 tel. 02 4048253

Gorgonzola - CGIL Camera del Lavoro

Via Italia, 55 Tel. 02 9516990

Giambellino - CGIL Camera del Lavoro - via Giambellino 115 Tel. 02 4232551

#### **CISL - ANOLF Milan**

Via Benedetto Marcello, 10 – Tel. 02 20408142

#### **CESIL - Centro Solidarietà Internazionale Lavoratori della Cisl**

Via Tadino, 31. Tel. 02/29408142, fax 02/29409064

[www.cislmilano.it/servizi/cesil/index.html](http://www.cislmilano.it/servizi/cesil/index.html)

#### **UIL – Ufficio Immigrazione in Milan**

Via Campanini, 7 – Tel. 02 671101

#### **Centro Operativo Assistenza Stranieri - Uil Lombardia**

V.le Marelli 497 - Sesto S.Giovanni - Tel. 02 26249240; 3385805619

[www.uiltucs Lombardia.it/servizi/stranieri/serviziostranieri.htm](http://www.uiltucs Lombardia.it/servizi/stranieri/serviziostranieri.htm)

## **C. 3 Iba pang mga Institusyon na nagbibigay ng**

## mga serbisyong panlipunan at iba pang mga tulong

<b>Pangalan ng organisasyon at direksiyon</b>	<b>Serbisyong pampubliko para sa mga manggagawang migrante</b>
<p>Associazione Macondo Viale Lombardia 27 c/o C.U.B. - Milano Tel. 02 70634875 - Fax 02/70602409 <a href="http://www.ecn.org/macondo">www.ecn.org/macondo</a></p>	<p>Isang opisina na nagbibigay ng libreng serbisyo sa legal counseling sa mga migranteng hindi taga Europa na may malaking problema sa patakaran ng Italya at iba pang problemang legal. Ang asosasyon ay nag-oorganisa rin ng mga pagtitipon at mga talakayan na kaugnay sa mga problema sa hukuman. Nakikipagtulungan sa ibang institusyon sa Milan para sa mga problema hindi patungkol sa mga isyung legal. Ang mga estudyante ng batas sa Milan ay nag-aalok din ng kanilang boluntaryong serbisyo.</p>
<p>Casa di Betania Via Carducci, 4 - Rozzano (MI) Tel. 02 57514325 <a href="http://www.casadibetania.org">www.casadibetania.org</a></p>	<p>Nagbibigay ng tulong sa pansamantalang pabahay para sa mga dayuhang manggagawa na hindi Europeo. Aktibong nagtatrabaho para sa integrasyon ng mga tao sa lipunan ng Italya sa pamamagitan ng pagtulong sa paghahanap ng hanapbuhay at pabahay. Tumutulong din sila sa paghahanap ng mga simpleng paraan upang gawing regular ang mga manggagawang hindi regular.</p>

<p>Farsi Prossimo Onlus Via Ponale, 2 2062 MI Tel. 02 66114432 <a href="http://www.farsiprossimo.it">www.farsiprossimo.it</a></p>	<p>Nagbibigay ng oryentasyon at impormasyon para sa mga migrante; pansamantala at pangmatagalang pabahay para sa mga migrante at kanilang pamilya na dumanas ng matinding hirap, tulad ng mga biktima ng karahasan at trafficking; pagpapayo at suporta sa paggawa at pangangasiwa ng mga inihang proyekto at sa pagtatayo ng mga kooperatiba.</p>
<p>SAI Servizio Accoglienza Immigrati of Milan Via Galvani, 16 – Tel. 02 67380261 Para sa kumpletong direksiyon at mg telepono, bisitahin ang: <a href="http://www.caritas.it/8/centri.asp">www.caritas.it/8/centri.asp</a></p>	<p>Nagbibigay ng oryentasyon sa mga serbisyong sosyal na maaring matanggap ng mga migrante, at konsultasyon sa paghahanap ng trabaho; legal counseling kaugnay sa renewal ng pananatili at residence permit, family reunification, at iba pa; oryentasyon sa pansamantalang pabahay.</p>
<p>Centro Come Via Galvani, 16 - 20124 Milano Tel. 02/67100792 - fax 02/67384557, E-mail: <a href="mailto:info@centrocome.it">info@centrocome.it</a> <a href="http://www.centrocome.it/homemenu.htm">www.centrocome.it/homemenu.htm</a></p>	<p>Isang serbisyo ng Cooperativa "Farsi Prossimo" na nagsusulong ng sosyo-kultural na integrasyon ng mga migrante at ng kabuuang kalagayan ng mga anak at kabataang migrante. Nagbibigay ng mga serbisyo upang mapabuti ang integrasyon sa edukasyon ng mga menor de edad na bata sa mga paaralan; nagbibigay proteksyon sa karapatan at kahinaan nila; at serbisyo publiko at mga boluntaryong aktibidad sa Milan.</p>



<p>DIACONIA  <a href="http://www.associazioni.milano.it/itsos/sitodiaconia/copia.html">www.associazioni.milano.it/itsos/sitodiaconia/copia.html</a>          Via Porro Lambertenghi, 28 - 20129          Milano</p>	<p>Isang organisasyong boluntaryo na nagbibigay ng praktikal na suporta sa mga dayuhang migrante kaugnay sa biglaang pabahay, sa paghahanap ng regular na trabaho, regularisasyon ng pagtira sa Italya. Nagbibigay ng pansamantalang pabahay sa mga migrante na may regular na permit na manatili sa Italya.</p>
<p>F.I.L.E.F. Lombardia  <a href="http://www.fileflombardia.org">www.fileflombardia.org</a>          Via Bellezza 16a Milano;          tel. 02/ 58302112</p>	<p>Nagbibigay ng impormasyon, oryentasyon at suporta sa mga pangangailangan at karapatan ng mga dayuhang migrante. Ang organisasyon ay naga-alok ng partikular na suporta sa mga kababaihan at mga trans-migrant; at nagbibigay ng libreng leksyon ng lingwaheng Italyano.</p>
<p>Naga: Associazione Volontaria di Assistenza Socio - Sanitaria e per i Diritti di Stranieri e Nomadi          Viale Zamenhof, 7 -          Tel. 02 58102599  <a href="http://www.naga.it">www.naga.it</a></p>	<p>Nagbibigay ng libreng socio-sanitary at legal assistance, oryentasyon sa mga mamamayang dayuhan na walang ligal na permit upang manatili sa teritoryo. May iba pang mga serbisyong inaalok ang asosasyon, tulad ng suportang pang-medikal at pagpapayo sa mga usaping pangkalusugan tulad ng sikolohikal at psychiatric na serbisyo para sa mga kababaihang migrante. Nagbibigay din ng impormasyon tungkol sa mga iba pang usaping naaayon sa batas.</p>

<p>Telefono Mondo Via Angera 3, Milano - Tel. 02 66982030 <a href="http://www.telefonomondo.it">www.telefonomondo.it</a></p>	<p>Isang multi-lingual na telephone service na itinayo ng isang sosyal na kooperatiba Progetto Intergazione para sa mga migranteng nakatira sa Italya. Ang mga kaugnay na serbisyong pang impormasyon ay may kaugnayan sa pananatili, paggawa, mga karapatan, family reunification, edukasyon, pagiging mamamayan, political asylum, atbp.</p>
<p>Centro di Mediazione al lavoro (CELAV) Via Scaldasole, 5 - 20123 Milano Sportello informativo per i cittadini e le imprese: 02/8356544 - 02/8323478 <a href="http://www.comune.milano.it">www.comune.milano.it</a></p>	<p>Isang sentro na nagbibigay impormasyon at tumutulong sa integrasyong paggawa ng mga komunidad ng migrante. Nagsasagawa ng mga proyekto sa tulong ng mga pampubliko at pribadong ahensya, na ang target ay mga grupong dumanas ng matinding hirap sa teritoryo, tulad ng mga migranteng manggagawa, kabataan, mga taong may AIDS, mga nasa kulungan, at may mga kapansanan.</p>
<p>Telefono Donna c/o A.O. Niguarda Cà Granda P.zza Ospedale Maggiore 3 Tels. 02 64441 (Trunkline) / 02 64444008</p>	<p>Isang counseling centre para sa mga kababaihan at sa kanilang mga pamilya na dumadanas ng kahirapan at nangangailangan ng suportang sikolohikal, sosyolohikal, at serbisyong kultural ang ibinibigay ng mga propesyonal nang walang bayad, tulad ng mga manggagamot, abogado, accountant, sikolohista at social worker.</p>

## **D. Iba pang importanteng serbisyo sa Nasyonal na Antas**

### **SOS Discriminazione**

Toll free number: 800 210210

Isang espesyal na proyekto ng gobyerno na nagbibigay suporta sa mga migranteng biktima ng diskriminasyon at di pantay na pagturing. Ang toll free number ay aktibo mula 10:00 ng umaga hanggang 8:00 ng gabi araw-araw, nagbibigay ng serbisyo sa walong lingwahe. Ang mga imigrante ay maari ring humingi ng legal assistance at impormasyon nang libre.

### **SOS for Victims of Sexual Exploitation and Prostitution**

Toll free number: 800 290290

Ang serbisyong ito ay aktibo 24 na oras isang araw upang tumugon sa mga usapin ng 'sexual exploitation' o karahasan at 'trafficking for prostitution'. Nagbibigay din ng komprehensibong serbisyo para sa integrasyon at proteksyon lalung-lalo na sa mga gustong magsuplong ng kaso ng sekswal na pang-aabuso. Ang mga serbisyo ay partikular na nakatuon sa mga biktima ng trafficking for prostitution na gustong ipakulong ang mga nagsasamantala at trafficker at gustong maka-ahon sa kanilang sitwasyon. Ang mga serbisyo ay walang bayad sa mga dokumentado at di-dokumentadong migrante.

## **E. Mga importanteng website na dapat bisithin para sa update at impormasyon ukol sa batas imigrasyon at patakarang administratibo sa Italya**

1. [www.interno.it/mininterno/export/sites/default/it/sezioni/servizi/come\\_fare/immigrazione/](http://www.interno.it/mininterno/export/sites/default/it/sezioni/servizi/come_fare/immigrazione/)
2. [www.prefettura.roma.it/index.php/fd=services/id=46.html](http://www.prefettura.roma.it/index.php/fd=services/id=46.html)
3. [www.poliziadistato.it/pds/cittadino/stranieri/stranier.htm](http://www.poliziadistato.it/pds/cittadino/stranieri/stranier.htm)
4. [www.portaleimmigrazione.it](http://www.portaleimmigrazione.it)